# *Ang Dios Ay Nakikilala Sa Pamamagitan Ng Kaniyang Mga Katangian*

Makalangit na Ama, pinasasalamatan Ka namin sa pribilehiyong pangunguna sa amin dito sa Beaumont, Texas, muli. Habang iginagala ko ang aking paningin sa mga palkong ito, naaalala ang mga panahon nang narito kami nang una, at ang mga dakilang bagay na ginawa Mo, walang alinlangan na karamihan sa mga taong yaon ay nakaupo rito sa gabing ito. Kung hindi Mo hinipo ang kanilang mga katawang maysakit, wala sila rito sa gabing ito, nguni't ginawa Mo, at sila'y narito. Maraming alaalang nananatili, ito'y taglay naming tutungo sa Walang—hanggan.

2 Dalangin naming ipagkakaloob Mo sa amin ang isang dakilang pagbuhos ng Espiritu. Pagpalain kaming sama—sama. Pagpalain ang bawa't iglesya, bawa't kaanib.

3 At, Panginoon, pagpalain Mo lalo na ang aming mahal na nakababatang kapatid dito, si Kapatid na Peary Green, na pinangunahan para sikaping maipahahayag Ito. Makita nawa ng – ng mga mamamayan ng kaakit–akit na lungsod na ito ang – ang damdamin ng batang lalaking ito para sa mga tao rito, upang dalhin sila sa Cristong iniibig niya. At sinisikap niyang papasukin ang bawa't ministeryo iniisip niyang magiging karapat—dapat, na kanyang sinuri sa pamamagitan ng Salita, at nais niyang makitang maligtas ang mga tao.

4 Tulungan kami, Ama, sa aming mga pagsisikap, habang inihahandog namin ang aming mga sarili sa Iyo para sa paglilingkod, sa karangalan at kaluwalhatian ng Dios. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

5 Ngayon, alalahanin lamang natin, bawa't gabi ngayon, magsama kayo ng isa, o tumawag sa telepono at sabihan ang isang tao, at sabihan ang bawa't pastor, bawa't iglesya. Maging anuman ito, kahit naiiba sila sa atin, basta't pumasok ka, maupo, kumilos nang wasto at maging mabuti, tunay na pinahahalagahan namin ang inyong pagparito.

6 At ngayon magdala ng inyong Biblia, magdala ng lapis, isulat ang teksto. Magpatuloy, saliksikin sila, siyasatin sila sa Salita at alamin kung sila'y tama o hindi. Kita n'yo? At pagkatapos huwag gamitin ang sarili ninyong teolohiya, kunin lang ito sa paraan ng pagkakasulat ng Biblia. Kita n'yo,

masasabi natin sa maraming pagkakataon, "*Ganito* ang ibig sabihin Nito, ito ang kahulugan Nito." Hindi kailangan ng Dios ang sinumang tagapagpaliwanag, ipinaliliwanag Niya ang Kaniyang Sariling Salita. Kita n'yo?

7 Sinabi ng Dios, "Magkaroon ng liwanag," at nagkaroon ng liwanag. Hindi na iyan nangailangan – nangailangan ng anumang paliwanag. Siya. . . Nangyari ito sa paraan ng pagkakasabi Niya. Ang sabi Niya, "Isang birhen ang maglilihi," at naglihi nga siya. Hindi niyan kailangan ng anumang paliwanag.

8 Nangako ang Dios ng tiyak na mga bagay para sa kapanahunang ito na kailangang maganap! Sinabi Niya ito, hindi na ito nangangailangan ng paliwanag kung gayon. Sinabi iyan ng Dios na gayon, at ipinaliliwanag Niya, Siya mismo, kaya samakatuwid sinabi ng Biblia na Ito'y walang anumang pansariling paliwanag. Ipinaliliwanag ng Dios ang Kaniyang Sariling Salita sa pamamagitan ng pagpapatibay Nito.

9 Ngayon ano kaya kung tumayo tayo habang binabasa natin ang Kaniyang Salita, mula sa Aklat ng Mga Hebreo, ang ika—1 kabanata. Ang dahilan kaya hinihiling kong tumayo kayo, ay sa paggalang ng Salitang ito. Naniniwala akong ang Salita ay Dios, "Nang pasimula ay ang Salita, ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios. At nagkatawang—tao ang Salita at tumahan sa gitna natin." "Si Jesus Cristo na Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," iyan ang paksa ng ating mga kampanya. Samakatuwid, kapag binabasa natin ang Kaniyang Sarili na nasulat dito sa Salita, tumatayo tayo. Kapag nanunumpa tayo ng katapatan sa watawat, kapag dumaraan ang ating watawat, tumatayo tayo bilang paggalang sa ating watawat, sa ating bansa, kailangang gawin natin ito. Kung gayon, gaano pa kaya tayong dapat tumayo kapag binabasa natin ang Salita ng Dios! Sa Hebreo 1:1–3, habang ating binabasa.

> *Ang Dios, na nagsalita nang unang panahon sa ating mga magulang sa iba't ibang mga* panahon *at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta,*
>
> *Ay nagsalita sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan ng kaniyang Anak, na siyang itinalaga na tagapagmana* ng *lahat ng mga bagay, na sa pamamagitan naman niya'y ginawa ang sanlibutan;*
>
> *Palibhasa'y siyang sinag ng kaniyang kaluwalhatian, at* tunay *na larawan ng kaniyang pagka—Dios, at umaalalay ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng salita ng kaniyang kapangyarihan, nang kaniyang magawa na ang paglilinis ng mga kasalanan, ay lumuklok sa kanan ng Karangalan sa kaitasan;*

10 Manalangin tayo. Ilan ngayon, na may nakayukong mga ulo at mga puso, ang nais maalala sa panalangin, na sa pamamagitan

ng pagtitipong ito, saanman, ay ipagkakaloob ng Dios ang inyong kahilingan? Itaas lamang ang inyong kamay. Nakikita ng Dios ang inyong kamay.

11 Makalangit naming Ama, sa abot ng tanaw ng aking makataong mga mata, mayroong napakaraming mga kamay. Tunay nga na ang kapahayagan ni Kapatid na Green at ang aking hangaring pumarito, ay tama. Ngayon, Ama, ipagkaloob sa kanila ang kanilang hangarin, sang—ayon sa Iyong Salita at sa Iyong pangako. Inihahabilin namin sila sa Iyo. At lumapat nawa nang husto ang aming mga buhay sa Salita, upang ang Salita ay maging laman sa aming kalagitnaan at magbibigay ng pananampalataya sa mga tao upang kumuha mula sa kanilang talaang deposito sa Langit, na isinaayos ni Jesus para sa kanila matagal nang panahon, para sa mga kasalanan nila at karamdaman, habang sila'y nasa paglalakbay. Pagpalain kami ngayon, dalangin namin, habang naghihintay kami sa Iyo na ihayag sa amin ang Iyong Salita, at gawin itong laman sa aming kalagitnaan. Sapagka't hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen. (Makakaupo na kayo.)

12 Ngayon ako ay, kung sisikapin lamang ninyo na, huwag kayong magpalibot—libot nang higit pa sa kung ano ang maari n'yong itulong, ang ibig kong sabihin ay tatayo at aalis, hanggang sa susunod lamang na apatnapu't—lima, limampung minuto, parang ganiyan. Ngayon, ang—ang kaka— . . .

13 Ang mahalaga ay, nais nating malaman kung ano ang Katotohanan. At iyan ang natatanging Katotohanang alam ko, ay ang Biblia. Ngayon, hahatulan ng Dios ang mundo isang araw, pinaniniwalaan natin iyan, at ihaharap ang bawa't isa sa ating mga tao sa Kaniyang Presensiya para sa paghatol. May ilan akong talang isinulat dito, at mga Kasulatang nais kong talakayin sa ilang sandali.

14 Ngayon alalahanin, kung itatanong ko sa gabing ito, "may Katoliko ba rito?"

"Oo," sasabihin nila. At marahil . . .

"Buweno, sa pamamagitan ba ng ano hahatulan ng Dios ang mundo?"

Sasabihin nila, "Ng iglesyang Katoliko."

15 Kung gayon ako'y magsasabi pabalik,"Anong iglesyang Katoliko?" Magtatalu – talo sila. Napakaraming mga di – pagkakaunawaan. Ang isa'y Romano, at ang isa'y Griego, at ang Orthodox, at iba pa. Marami tayo niyan. Kung sasabihin ko . . .

16 Tatayo ang Metodista, sasabihin, "Hahatulan Niya ito sa pamamagitan ng iglesyang Metodista." Buweno, kung ganyan nga, kung gayon walang pagkakataon ang Baptist. At kung hahatulan nila ito sa pamamagitan ng Baptist, kung gayon walang pag—asa ang Metodista.

17 Sapagka't, alalahanin, isang kaunting maling pagbabanggit ng Salita, isa (hindi lahat nito, hindi lamang lahat ng isang talata), sadyang katiting na katiting lang ng maling paniniwala sa Salita, ay naging dahilan ng bawa't kamatayan, bawa't karamdaman, bawa't kalungkutan. Ganiyan si Eva, sa hardin ng Eden. Ngayon kung iyan ang naging kabayaran ng lahat ng ito, dahil sa isang babae lamang na mali ang pagkaunawa sa Salita. . .Siya, hindi niya ito ginawa nang kusa, siya ay "nadaya," sinabi ng Biblia. "Nadaya," sa pamamagitan ng Salita, idinulot ang lahat ng ito, kung gayon ikaw at ako ay hindi makababalik na taglay ang anumang kulang kaysa kabuuan ng Salita.

18 Ngayon, naniniwala ako, sinasabi ng Biblia na hindi Niya gagawin, hindi ako naniniwalang hahatulan ng Dios ang sanlibutan sa pamamagitan ng iglesyang Pentecostal, sa pamamagitan ng Metodista, Baptist, o Katoliko. Hahatulan Niya ito sa pamamagitan ni Jesus Cristo, iyan ang sabi Niya. At si Cristo ang Salita, "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios. At ang Salita ay nagkatawang—tao at tumahan sa gitna natin. Ang Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

19 Ang kabuuang bagay ay ang dakilang Walang—hanggan. Hindi kailanman nagsimula ang Walang—hanggan at hindi kailanman maaring magtapos. Samakatuwid, sa loob Niyaong dakilang Walang—hanggan ay mga katangian, ang maging Ama, ang maging Anak, ang maging Tagapagligtas, ang maging Tagapagpagaling, at lahat ng mga bagay na ito ay nasa Kaniya. At ang tanging bagay na nangyayari ngayon, ay ang pagpapakita ng Kaniyang mga katangian. Iyon lang.

20 Ngayon, isinulat ang ating mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa itinatag ang sanlibutan. At kapag masapol iyan ng Salita, kung may anumang liwanag doon na naitalaga sa Buhay, ang sabi ni Jesus, "Walang taong makalalapit sa Akin malibang ilapit ng Ama, at lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin." Kaya nga, kita n'yo, ito'y ang Salita, walang pagbabago, ang Salita, ang Salita.

21 Ngayon, nais kong mangusap sa gabing ito sa paksang, sa paghugot mula sa nilalaman ng tekstong ito na ating binasa, *Ang Dios Ay Nakikilala Sa Pamamagitan Ng Kaniyang Mga Katangian.*

22 Ngayon, halos lahat ng ating nasusumpungan ay makikilala sa pamamagitan ng mga katangian nito.

23 Ngayon, ating napapansin, tulad sa buhay ng hayop, kunin mong halimbawa sa buhay ng ibon. Ngayon, kunin mo ang tulad ng isang—isang ibong yellowhammer, kapag siya'y lumilipad, at sa isang jay bird, malaki ang pagkakahawig nila. Nguni't ang katangian ng yellowhammer, ay ikinakampay nito ang kaniyang

mga pakpak at bumubulusok, at pagkatapos tataas at bababa, tataas at bababa. Iyan ang katangian. Kung napapansin ninyo, ang jay bird ay mas madalas lumipad nang diretso.

24 Pagmasdan mo ang pugo kapag pumapaitaas ito, ang bobwhite, kung paano siyang lumipad. Masdan ang pugong Gambel kapag pumapaitaas ito, kayong mga mamamaril. Kita ninyo, may pagkakaiba. Masdan ang jacksnipe at ang Wilson's snipe, ang katangian ang nagpapakilala kung ano siya.

25 Ang isang malaking tupa na nakatayo sa gilid ng bundok, kapag siya'y nakatalikod, ang likurang bahagi ng puwitan ay kulay puti, ang kabilang bahagi ay abuhin. Kung hindi mo alam ang mga katangian ng tupang iyan, maaaring isa itong usa. Kita n'yo? Kita n'yo, dapat alam mo ang mga katangian nila, para matuklasan kung alin ito at kung alin ang hindi. Maraming bagay ang maaring patuloy nating masabi tungkol sa buhay ng hayop.

26 Pagkatapos tatalakayin natin ang buhay ng tao, ang mga katangian sa pagitan ng isang lalaki at isang babae. May pagkakaiba. Sila'y kapuwa tao, nguni't ang katangian ng dalawang kasarian ang magpapakilala sa kanila. Nagbabasa ako minsan tungkol sa isa sa mga pagsubok na inihain kay—kay Solomon, ng reyna, may ilang kababaihang pinagdamit niya ng panlalaki. At pinalakad sila ni Solomon at pinagawa ng ilang bagay, mabilis niyang sinabi, "Sila'y mga babae." Kita n'yo, sapagka't nasasabi niya sa paraan ng kanilang pagkilos, na ang—ang kanilang mga katangian ay sa mga babae. May isang bagay tungkol dito, na hindi mo ito maitatago, ito'y—ito'y isang babae sapagka't ang kaniyang—kaniyang katangian ay nagpapakilalang isa siyang babae.

27 Ito'y tulad lamang ng kanang kamay at kaliwang kamay ng mga tao. Sila'y kapuwa tao. Masdan ninyo, at ang isa sa kanila ay kanan at ang isa ay kaliwete. Masdan kung paano sila nakikilala sa kanilang mga katangian, masasabi mo kung sila'y kanan— o kaliwete o hindi. Kita n'yo? Gayunman kapuwa sila may mga kamay, magkatulad na magkatulad ang dalawang kamay, sadyang magkatulad na magkatulad.

28 Marahil magdadagdag ako ng isang munting bagay rito. Ang sabi ni Jesus, sa Mateo, ika—24 na kabanata, na "Sa huling mga araw, magiging magkahawig na magkahawig ang dalawang espiritu hanggang sa dadayain nito pati ang mga hirang kung maaari."

29 Ngayon, iya'y para lamang tumitingin sa kanang kamay at sa kaliwang kamay. Kapuwa sila may mga hinlalaki, mga daliri, mga kuko, mga hinliliit, gitnang daliri, at iba pa, hintuturo, magkakaibang lahat ang mga daliri. Sila, ang parehong tatak ng hinlalaki, kaya lamang and isa'y nakabaling sa isang panig at ang isa ay sa kabila, kapuwa iisang tatak, iisa ang

pagkakagawa, ang mga tatak ng hinlalaki. Lahat ay magkatulad na magkatulad, ang tanging kaibahan ay ang katangian nito. Ang isa ay kaliwang kamay at ang isa ay kanang kamay, iyan lang ang tanging kaibahan.

30 At sadyang magiging ganiyan ang mga espiritu sa huling araw, maging ganiyan nga sila, tanging sa katangian nito makikilala kung sa Dios ito o hindi. Isa sa kanila ang magiging tama at ang isa ay magiging mali, malalaman mo lamang ito sa pamamagitan ng katangian ng Dios. Sadyang tamang—tama, ito'y kailangang maging ganiyan. Nguni't ang kanang kamay, sasabihin nating "tama," at "mali" ang kaliwang kamay, kita n'yo, o baligtaran, isa sa kanila. Sila'y nakikilala sa pamamagitan ng mga katangian nila. Malalaman mo lamang ito sa pamamagitan ng katangian nito.

31 Samantalang ang Israel ay nasa paglalakbay nito, mula sa Egipto. Ngayon, nasa panig ng Israel ang Dios, ipinakita Niya sa kanila ang isang dakilang tanda roon, nagsugo ng isang propeta para sa kanila at ipinakilala ang nasulat Niyang Salita. At habang inihahatid Niya sila, napagmasdan natin ang katangian Niya, kung paano Niya kinatagpo si Moises, ang mga bagay na ginawa Niya. At sa kaniyang . . . paglalakbay, napunta sila sa isa pang bansa, na siyang Moab. At isang kilalang bansa ang Moab, ngayon, hindi pagano, talagang hindi. Mga anak iyan ng mga anak na babae ni Lot, at mga mananampalataya sila. Ngayon, masdan ang dalawang bansa. Isa sa kanila ay kilalang bansa, at ang isa naman ay isang manlalakbay lamang. At ngayon dumating sila sa dako na ang kilalang bansang ito ng Moab ay naroon mismo sa daan ng kanilang panunungkulan, patungo sa lupang pangako. Ngayon mayroon silang . . .

32 Tingnan ang—ang dalawang bansa, may propeta ang bawa't isa sa kanila. Ang isa sa kanila ay ang tanyag na guro at propeta, si Balaam. Ang isa naman ay si Moises. Ngayon bumaba si Balaam mula sa . . . para isumpa ang Israel.

33 At, pansinin, walang pasubaling kapuwa sila mga nakabatay sa pangunahing aral. Ang propeta, mga pundamentalista buhat kay Balaam, ang sabi, "Ipagtayo ninyo ako ng pitong altar," iyan ang tumpak na bilang ng Dios. "At ialay sa ibabaw ng bawa't altar ang isang malinis na handog, isang toro," na katulad na katulad doon sa inihahandog sa kampo ng Israel. At ang sabi niya, "Sa ibabaw ng bawa't altar ay mag—alay rin ng isang lalaking tupa," nangungusap sa pagdating ni Cristo. At doon sa Israel nag—alay sila ng gayunding alay.

34 Parehong mga altar, iisang Dios, nguni't mali ang isa sa kanila at tama ang isa. At ngayon ang tanging paraan para makilala mo kung alin ang . . . Kapag dumating ito, sa batayan, sa Salita, kapuwa sila tama. Nguni't, kita ninyo, ang isa, mali

ang kaniyang mga adhikain, sinisikap niyang alisin ang kapatid niya mula sa hanay ng pangako na ibinigay ng Dios sa kaniya.

35 Isa pang bagay, ang isa, ang propeta ni Balaam, nakasalig sa pangunahing aral, nguni't ang propetang si Moises ay nakilala sa pamamagitan ng mga katangian ng Dios. Naroon ang Haliging Apoy, ang kahimahimala na Liwanag na nakahimpil sa kanilang ulunan. At may mga dakilang pagpapagaling sa kampo nila, ang supernatural na Dios na nagpapakita ng supernatural na mga tanda. At sila ay talagang nananatili sa pangakong Salita na ibinigay ng Dios kay Abraham doon sa panahon ng pagsisimula ng kapuwa bansa. Nguni't, ngayon, taglay ni Moises ang pangako kay Abraham, patungo sa lupang pangako. Si Balaam, isa ring propeta ng Panginoon, ay nakatayo roon. At ang tanging paraan para iyong makikilala, ay hindi mula sa kanilang pangunahing aral, kundi sa pamamagitan ng katangian ng Dios.

36 May tunog ng isang—isang sigaw ng tinig ng Hari rito sa Israel. At ang pagbabayad ng kasalanan ay nagkakabisa, isang Tansong Serpiyente, isang hinampas na Bato. At sumasakanila ang Dios, ipinakikilala ang Kaniyang Sarili sa isang kahima—himala na Liwanag, at pinagagaling ang karamdaman nila at mga sakit habang sila ay nagpapatuloy. Pinatotohanan ng mga katangian kung ano Siya, nananatili sa hanay ng Salita para sa kapanahunang iyan, para sa kapanahunang pinamumuhayan nila. Ang mga katangian ng Dios ay ipinakilala Mismo ang Kanyang sarili kay Moises. Kita n'yo, nakilala ang mga katangian ng Dios kay Moises. Ang Haliging Apoy, kumikilos ang pagbabayad ng kasalanan, ang supernatural, hinampas na Bato, at sila . . . gayon din ang Tansong Serpiyente, tumutukoy sa pagpapagaling, at pagkatapos—pagkatapos muli silang inilagay sa katungkulan, sa pangako ng Dios.

37 Muli, hindi natural ang mga katangian ng Dios. Supernatural ang mga katangian ng Dios, sapagka't isa Siyang Manlilikha. Siya ay isang Supernatural. At kapag nagsimulang ihayag ng mga katangian ng Dios ang Sarili Nito, ito'y kakaibang—kakaiba sa makabagong kaisipan at ito ay nagpagulat sa kanila. Hindi nila maunawaan ito, gayong hindi naman Siya lumalayo sa Kaniyang pangako. Ang Dios sa lahat ng kapanahunan, sinabi ko, ay pinagbaha—bahagi ang Salita.

38 Kunin natin, halimbawa, ang isa. Nariyan si Jose, ang asawa ni Maria. At ngayon nakipagkasundo siya sa babaing ito, at ikakasal sila. Subali't bago pa sila magsama, nasumpungang siya ay nagdadalang—tao sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

39 Ngayon, pinaniniwalaan nating lahat iyan, kung tayo'y mga Kristiyano. Dapat paniwalaan natin iyan para maging isang Kristiyano. Iyan ang Biblia. Kailangang paniwalaan mo ang bawa't Salita sa Biblia, para maging isang Kristiyano. Ngayon,

dahil kung ang Espiritu Santo ay *naririto*, babantasan Nito ang bawa't Salita at bawa't pangako ng isang "amen."

40 Sapagka't, ngayon, si Jose ay isang taong matuwid, isa siyang mabuting tao. At walang alinlangan na sinabi sa kaniya ni Maria ang pagdalaw ni Gabriel, at kung paanong lililiman siya ng Banal na Espiritu, at maglilihi at manganganak ng isang Lalaki, at ang Pangalan Niya ay tatawaging "Jesus," kung paano niyang tiyak sinabi iyon kay Jose. At makatitig si Jose sa kaniyang malaking kayumangging mga mata, at makikita niya ang kawalang—malay nito, at nais niyang paniwalaan iyan. Nais niyang paniwalaan ito nang buong puso niya, nguni't masyado itong di—pangkaraniwan, at inisip niyang hiwalayan siya, ng lihim.

41 Ngayon, kung taos-puso ang isang tao rito, gagawa ang Dios ng isang paraan para ipakita sa taong iyan na ito'y Katotohanan. Siya'y ubligado, kung ika'y taos-puso. Kapag nakikita mo Ito, at lumayo Rito, kung gayon ika'y hahatulan. Nguni't, kung ika'y taos-puso at makikita ang Katotohanan!

Ngayon, si Jose ay "napaisip" lamang. Ang sabi niya, "Ito'y masyadong di—pangkaraniwan!"

42 Ganiyan sa panahon ngayon, na ang mga tao, mabuting tao, mahusay na tao, may mabuting pag—uugaling tao, mabubuting ministro, marami sa kanila, mga pari at iba pa, ay mabubuting mga tao, subali't masyadong di—pangkaraniwan ang supernatural na bindikasyon ng pangako sa araw na ito, ito ay nagpabigla sa kanila. Nagiging ganiyan iyan dahil ipinakikita nito ang katangian ng Dios.

43 Ngayon, si Jose, ang asawa niya, bilang isang matuwid na tao, ay ayaw ihayag sa madla and kanyang kapurihan. Hindi niya mapaniwalaan ito; siya—sinikap niya. Nguni't habang nag—iisip siya sa mga bagay na ito, nangusap ang Anghel ng Panginoon sa kaniya at isinaysay sa kaniya.

44 Ngayon, hindi Niya kailangang palaging nangungusap sa panaginip, maipahahayag Niya ang Kaniyang Sarili sa iyo sa pamamagitan ng Salita, at ipakikita sa iyong Ito'y tama, kung ika'y totoong taos-puso na saliksikin Ito at alamin kung katangian nga ba ito ng Dios na nagpapamalas ng sarili nito, nguni't palaging kaisa ng ipinangakong Salita.

45 At isang bagay pa, palaging itinutuwid ng Salita ng Dios ang kamalian. Pinaniniwalaan ba ninyo iyan? Isinasaayos ito ng Salita. Kapag pinatutunayan ng Dios ang Salitang iyan, isinasaayos ito.

46 Ngayon tayo'y, may isa lang sa aking isipan na nais kong alalahanin. Hindi tayo gaanong magtatagal, sapagka't nais nating manalangin para sa ilang mga maysakit. Tingnan natin. Noong si Jesus, bilang Salita. . .Sinabi ng Bibliang Siya ang Salita. Sumasang—ayon tayong lahat diyan, na Siya ang Salita.

Pansinin noong labindalawang taong gulang na Siya. Ngayon, wala tayong tala tungkol sa Kaniya na pumasok ng paaralan. Nguni't isang labindalawang—taong—gulang na batang lalaki na halos *ganito* na katangkad, sila, ang magulang Niya, si Maria at si Jose ay pumaroon sa templo para . . . hanggang sa . . . para sumamba sa araw ng paskua. At samantalang naroon sila, nagsimula silang umuwi pagkatapos ng paskua, may tatlong—araw silang naglakbay, at hindi nila masumpungan si Jesus saanman. At sa wakas ay natagpuan din nila Siya, pagkaraan ng tatlong araw na paghahanap sa Kaniya, naroon sa templo, nakikipagtalastasan sa Salita ng Dios sa mga matatandang iyon.

47 At pakinggan si Maria ngayon. Ngayon sa mga taong itinuturing siyang isang diosa, tingnan. Kita ninyo, ang—ang babae ay nadaya sa pasimula. At masdan siya rito. Kung hindi n'yo pa napansin ito, masdan ito. Ang sabi niya, "Ako at ang Iyong ama ay hinanap Ka, nang luhaan." Pansinin, hinatulan ng babae ang patotoo (sa harap ng mga saserdoteng iyon) na kaniyang pinatotohanan. Ang sabi niya siya ay "naglihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu," at dito tinawag niya si "Jose" na ama Niya.

48 Ngayon masdan ang labindalawang—taong—gulang na batang Lalaki, bilang ang Salita sa panahong iyan. Siya ang ipinangakong Salita sa panahong iyan, ang pinahirang Mesiyas. Masdan kung ano ang sinabi Niya, "Hindi baga talastas ninyo na dapat Akong maglumagak sa bahay ng Aking Ama?" Itinutuwid ng Salita ang kamalian. Kita n'yo, at ang Supernatural, isang labindalawang—taong—gulang na Bata! Hindi ko ipinapalagay na naunawaan ni Jesus ang sinabi Niya, nguni't Siya ang Salita, at itinutuwid ng Salita ang kamalian. Kita n'yo, itinuwid Niya ang Kanyang ina, at sinaway siya sa pagsasalita nito. Ngayon, kung ito nga ay—ay ang gawain ng ama Niya, dapat kasama Siya ng Kaniyang ama, kung si Jose ang ama Niya.

49 Datapuwa't, kita n'yo, siya na alalang—alala at nabigla, tulad ni Eva noon, at nahikayat, aba, ang sabi niya, "Ako at ang Iyong ama ay hinanap Ka, nang luhaan."

50 Ang sabi Niya, "Hindi baga talastas ninyo na dapat Akong maglumagak sa bahay ng Aking Ama?" Kita n'yo kung paano nagtutuwid ang Salita, itinatama Nito ang mali.

51 Nagkamali si Satanas nang subukan niyang tuksuhin si Jesus. Nguni't bumalik Siyang dala ang Sarili Niyang Salita, at ginapi siya sa pamamagitan ng Salita.

52 "Ang Dios," sinabi ng Biblia rito, "sa iba't—ibang panahon at sa iba't—ibang paraan, ay ipinakilala ang Kaniyang Sarili sa mga propeta Niya, nagsalita Siya sa mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta." Ngayon, ipinakikita ang Kanyang katangian ng pagpapakilala ng Kaniyang sarili, kita n'yo, sa tao, nangusap Siya sa mga propeta. Ang mga propeta,

ang mga pangitain nila, pinatunayan, ay—ay ang katangian ng Dios na inihayag sa pamamagitan ng pangitain ng propeta.

53 Ngayon, walang taong makapagpapaliwanag ng isang pangitain, walang paraan para magawa ito. Ito'y supernatural. Ito'y isang bagay na nakikita mo kung ano ang nangyari, ang nangyayari, at mangyayari. At iyan ang kaparaanan ng Dios, sa pagsusugo ng isang tao na nangungusap ng mga bagay na iyan at nagpapakita ng mga bagay ng mangyayari (hindi lang sa gabing ito) gabi—gabi, sa lahat ng oras. Kailangang lahat ng sinabi Niya ay maging tugmang—tugma sa Panginoon, kailangang Salita ng Panginoon.

54 Sa pamamagitan nito, ang mga kaloob at mga pagtawag ay walang pagbabago. Hindi mo magagawang kayumanggi ang iyong mga mata kung ang mga ito'y asul. Hindi mo magagawang anim na talampakan ang taas mo kung ika'y apat na talampakan lamang. "Sinong nababalisa ang makapagdaragdag ng isang siko sa sukat ng kanyang buhay?" Tayo ay, kapuwa, kung ano tayo sa biyaya ng Dios.

55 Ngayon, mga kaloob at mga pagkatawag ay hindi nagbabago. Ang mga propetang ito ay ipinanganak na mga propeta. Ipinanganak si Moises na isang magandang bata. Si Jesus ay Anak ng Dios, bago pa itinatag ang sanlibutan, ang katangian ng Dios. Si Jeremias. . .—labindalawa, pitong daan at labindalawang taon, ganoon ito sa palagay ko, bago siya ipinanganak, siya ang tinig ng isang. . .Hindi, ipagpaumanhin ninyo, itinalaga siyang isang propeta sa mga bansa, at—at pinabanal sa sinapupunan ng kaniyang ina at itinalagang isang propeta sa bansa. Si Juan Bautista, ang iniisip ko, bilang pitong daan at labindalawang taon bago siya ipinanganak. Siya ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang.

56 Kita n'yo, ito ay ang Dios na nag la lagay. Isinusugo Niya ang isang tao, dinadala ang Salita ng kapanahunang iyan. Nguni't ngayon bago mo mapaniwalaan ang Salitang iyan ng kapanahunang iyan, ipinakikilala muna Niya ang Kaniyang sarili sa Kaniyang katangian, kita n'yo, sa pamamagitan ng karunungan, sa pamamagitan ng pangitain. Sinasabi niya ang mga bagay na mangyayari, at nangyayari ito. At ang sabi ng Dios, "Kapag nangyari iyan, kung gayon paniwalaan mong nasa kaniya ang kapaliwanagan ng Salita, sapagka't dumarating ang Salita ng Panginoon sa lalaking ito." At ang kaniyang mga kredensiyal ay nakikilala siya sa pagiging isang propeta, sa Lumang Tipan. Ganiyan ito kaliwanag! Ang mga katangian Niya ay nakikilala, nahahayag, ang mga katangian niya.

57 Ngayon, ganiyan "Nakitungo ang Dios sa iba't—ibang panahon," sinasabi ng Biblia na, "sa iba't—ibang paraan, nangusap Siya sa mga magulang sa pamamagitan ng mga

propeta, nguni't sa huling mga araw na ito ay sa pamamagitan ni Jesus Cristo, ang Kaniyang Anak, nangungusap Siya."

58 Ngayon, ang sabi ni Jesus, sa Juan 10:37, "Kung hindi ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayon huwag ninyo Akong sampalatayanan."

Kita n'yo, ang sabi nila, "Ika'y isang Tao, at ginagawa Mo ang Iyong sarili na Dios."

59 Ang sabi Niya, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayon huwag ninyo Akong sampalatayanan." Ngayon ang sabi Niya, "Si Juan ay isang maliwanag at nagningning na liwanag. Kayo, mga tanyag, nais ninyong lumakad sa liwanag niya sa isang panahon. Ngayon ang sabi ni Juan, 'Kailangan kong mawala; kailangan Niyang dumakila.'" Siya ang Liwanag ng sanlibutan, sapagka't Siya ang binindika, nakilalang Salita na nagkatawang tao. Kita n'yo, Siya ay Dios na sumasa atin.

60 Ang mga propeta ay Dios kasama nila. Sinabi iyan ni Jesus. Ang sabi Niya, "Kung tinatawag ninyo sila na dinaratnan ng Salita ng Dios, na 'mga dios,' paano ninyo Ako hahatulan kung sinasabi Kong Ako ang Anak ng Dios?" Kita n'yo? Kaya kung saan ang Salita na ipinangusap ng Dios ay binindika, kung gayon iyan ang Dios na ipinakikilala ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng katangian, tinutupad ang Kaniyang Salita. Hindi ito nangangailangan ng paliwanag. Ito'y ipinaliwanag na, ang Sarili nito mismo, ang nagpapatunay kung ano Ito.

61 Katulad na katulad ng sinabi Niya "magkaroon ng liwanag" at nagkaroon ng liwanag, hindi mo na kailangan pang sabihin, "Buweno, ano ba ang ibig sabihin niyan?" Ang ibig sabihin lamang nito, hayan ito, pinatutunayan niyan ito. Ito'y nangyari na.

62 Ngayon sinabi ni Jesus na, "Kung hindi ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama," o sa ibang salita, "kung wala sa Akin ang katangian ng Aking Ama, huwag sampalatayanan ito. Ipinakikilala ng mga ito ang Aking kalikasan, kung Sino Ako. Kung hindi ninyo Ako masampalatayanan, kung gayon sampalatayanan ang pagkakilanlan na ibinigay ng Dios. Kung kayo—kung hindi kayo. . .Kung hindi ko, kung hindi ipinakikilala ng Aking katangian ang Aking posisyon, kung gayon huwag sampalatayanan ang Aking mga pag—aangkin." Kita n'yo? Nakukuha ba ninyo ito sa gabing ito? Ilan ang nakauunawa nito, itaas ang inyong kamay. Kita n'yo? "Kung hindi ipinakikilala ng Aking katangian kung Sino Ako na inaangkin Ko," ang sabi ni Jesus, "kung gayon sampalatayanan ninyo ang. . .Kung hindi ninyo Ako masampalatayanan, aba, sampalatayanan lamang ang—ang—ang pagkakakilanlan ng katangiang taglay Ko."

63 Sa Juan 14:12, "Siyang sumasampalataya" sabi ni Jesus "sa Akin, ay gagawin din naman niya ang mga gawang Aking ginagawa." Ngayon tingnan, "Siyang sumasampalataya sa Akin," isang tunay na mananampalataya, "ay gagawin din naman niya ang mga gawang Aking ginawa." Pansinin. Sa ibang salita, ganito iyon, "Siyang sumasampalataya sa Akin, ay makikilala sa pamamagitan ng Aking katangian, ang mga gawa." Ngayon, iyan ang Kaniyang ginawa. Ang sabi Niya, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawain ng Ama, kung gayon huwag ninyo Akong paniwalaan." At nangusap ang Ama sa mga propeta, at iyan ang kanilang katangian, pagkakakilanlan. Kaya gayundin ito kay Jesus. At ipinangako ito sa kaniya na sumasampalataya, "Ang Aking mga katangian ang gagawa sa kaniya gaya lamang ng ginawa nito sa Akin. At kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayon huwag ninyo Akong sampalatayanan. Nguni't kung ginagawa Ko ang mga gawa, at hindi ninyo Ako masampalatayanan, kung gayon sampalatayanan ang mga gawa, sapagka't ito'y ipinangusap, kailangan itong mangyari."

64 Ang sabi Niya, "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan, sapagka't iniisip ninyong sa Mga yaon ay mayroon kayong Buhay na Walang—hanggan, at Sila Yaong nagpapatotoo sa inyo kung Sino Ako." Iyan si Jesus, kita n'yo, nahayag ang Dios, ipinakikita ang Kaniyang Sarili. "Sila ang nagpapatotoo kung sino Ako." Iyan na ngayon ang Hebreo 1:1, "Ang Dios sa iba't—ibang panahon ay nangusap sa pamamagitan ng mga propeta," maliwanag na ipinapakilala ang katangian ngayon ng pagkabuhay na muli ng Kaniyang Anak. Ang Dios ay nangusap sa pamamagitan ng mga propeta noon, sa pamamagitan ng Kaniyang Anak ngayon. Ang di—nagbabagong Dios, ang siya ring katangian, "Ang mga gawang Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo." Ang Dios, nahayag sa pamamagitan ng Kaniyang ipinakilalang katangian. Ganiyan kung paano ninyo malalaman.

65 Sasabihin mo, "Buweno, sinasabi ko *ito* sa iyo, inaawit namin *ito,* ginagawa namin *ito*, at gumagawa kami." Hindi iyan ang sinasabi ko.

66 Ang ipinangungusap ko'y tungkol sa Salitang nahayag at ipinakilala ang. . .sa pamamagitan nito, ang katangian ng ipinangakong Salita ng kapanahunan.

67 Alam nilang mga Fariseo ang Bibliang iyan nang kasing husay ninuman, higit kaysa sa nalalaman ng sinuman sa ating mga ministro ang sa atin sa panahong ito. Kailangang ipamuhay nila Ito. Ang kanilang kanunu—nuan ay mga saserdote. Pinag—aralan nila Ito, araw at gabi, at nabigo silang makita ang nahayag na Salitang iyan.

68 Sa panahong ito, ang sabi ni Luther, "Nang sumampalataya ka, nakamtan mo na Ito." Ang sabi ng Metodista, "Nang sumigaw ka, nasa iyo na Ito." Ang sabi ng Pentecostal, "Nang nagsalita ka ng ibat—ibang wika, nakamtan mo na Ito." Nasumpungan nating maling lahat iyan! Ang sabi ng ilan sa kanila, "Taglay Ito ng bunga ng Espiritu." At ito'y mali! Ang tanging katibayan ay, ay nang ang isang—bindikasyon, kung ipakikilala Mismo ng Dios ang Kaniyang sarili sa ipinangakong Salita ng panahon. Hayan ito.

69 Sino pa nga ba ang may higit na mga bunga ng Espiritu kundi silang mga mababait na matatandang saserdote, nagtuli sa mga bata at nagbasbas sa kanila, at lahat na? At narito ang taong si Jesus, dumating, sinipa ang mga altar ng mga handog, galit na tiningnan sila, pinaghahampas sila, pinagtabuyan sila, walang anumang pagkakakilanlan. Ang Kasulatan ang Kaniyang pagkakakilanlan! Wala siyang kard ng pakikisama, wala Siyang kinaanibang organisasyon. Nguni't nangusap ang Dios patungkol sa Kaniya, iyan ang Kaniyang pagkakakilanlan!

70 Iyan ang tunay na pagkakakilanlan ng Dios sa anumang panahon, ay ang Kaniyang pagkakakilanlan. Ganiyan ito, ang mga Kasulatang ipinangako, ay ipinakilala sa pamamagitan ng katangian ng pangako na siyang Dios, at ang Dios ay ang Salita. At ang katangian ng pangakong iyan na nahayag, iyan ang nagiging mananampalataya. Sinabi iyan ni Jesus, at iyan na ito. Amen.

71 Pansinin, ngayon ating nalaman, ang mga katangian ang nagpapakilala sa Kaniya. "Kung. . ." Ang sabi Niya, "Kung hindi nito magagawa ito, kung gayon huwag Akong sampalatayanan." Ngayon, nangusap si Jesus na ipakikilala Siya nito.

72 At ngayon tandaan, na sa mga araw na ito, nitong mga huling araw, ang sabi ng Hebreo 1:1, "Ang Dios, sa ibat—ibang panahon at ibat—ibang paraan, ay nangusap sa mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta. Nangusap sa huling araw na ito sa pamamagitan ng Kaniyang Anak, si Jesus Cristo." Kita n'yo? Ang pagkakilanlan ng Dios Mismo ay nahayag sa gayunding paraan tulad ng ginawa Niya noong unang panahon, gamit ang gayunding katangian Niya. Amen. Pansinin ang Hebreo 13:8, sinasabi, "Siya'y tulad kahapon (ibat—ibang panahon), ngayon, at magpakailanma'y di—nagbabago!" Ang gayunding pagkilos Niya, ang gayunding pamamaraan Niya, ang gayunding katangian Niya, lahat ay di—nagbabago! Ang Dios, ang di—nagbabagong Dios ay hindi makapagbabago sa katangiang iyan kung papaano rin sa Kaniyang Kautusan. Ganiyan nga Siya, Siya ang Salita. Siya ang Salita para sa panahon. Siya ang Salita nang likhain Niya ang mundo, iyan ang Salita. Nang lalangin Niya ang tao, iyan ang Salita, ang mga katangian Niya. Nang lalangin Niya si Cristo, iyan ay Dios, ang Emmanuel. At

nang gawin Niya Siyang isang Tagapagligtas, iyan ay katangian Niya. Nang gawin Niya Siyang isang Tagapagpagaling, iyan ay katangian Niya. Kita n'yo? Ito'y ang Salita sa tuwina na ipinakikilala, ang nahayag na Salita sa pamamagitan ng katangian ng Dios. Pansinin ang paraan, sa tuwina Siya, hindi Siya nagbabago.

73 Tingnan ang tatlong lalaking dumalaw kay Abraham, nakaupo sa pintuan ng kaniyang tolda ng araw na iyon. Titingnan natin Siya roon sandali. Dumating na siya, tinawag na siyang palabas sa lupain ng Caldeo, mga taga Caldeo, at lungsod ng Ur. Pinatalikuran na sa kanya ang kaniyang lungsod, sa kautusan ng Dios, na ihiwalay niya ang kaniyang sarili sa lahat ng kawalang—pananampalataya. Iyan ang unang katangian ng Dios, ihiwalay ang iyong sarili sa lahat ng kawalang—pananampalataya, kapag tinatawag Niya ang isang tao!

74 At binibigyan Niya siya ng isang bagay na talaga namang, imposibling—imposible sa makataong kaisipan, na paniwalaan ito. Ang sabi Niya, "Abraham, ang iyong. . . " Siya ay pitumpu't—limang taong gulang, at si Sarah ay animnapu't—lima. Sila, siya ay kaniyang kapatid sa ama, magkasama silang namuhay sa loob ng maraming taon na walang anak. Ang sabi Niya, "pagkakalooban kita ng anak na lalaki sa pamamagitan ni Sarah, at siya ay, sa pamamagitan niya, ika'y gagawin Kong isang ama ng maraming bansa." Ngayon, pinaniwalaan niya ito.

75 Lumipas ang panahon, walang pagbabago kay Sarah. Kita n'yo? Lampas na siya sa edad, siya—siya ay hinintuan na ng regla. Animnapu't—lima, lampas na siya sa panahong iyan. Si Abraham, pitumpu't—lima, mistulang patay na ang kaniyang katawan. Mistulang patay na ang kaniyang sinapupunan. Nguni't hindi kailanman nag—alinlangan si Abraham sa pangako ng Dios, sa kawalan ng pananampalataya. Patuloy siyang naniwala, sapagka't sinabi iyon ng Dios, at lubos na naniwala, "Kung sinabi ito ng Dios, ang mga katangian Niya ay ipatutupad kung ano ang Kaniyang sinabi!" Ngayon, pinaniniwalaang tayo'y mga anak ni Abraham, ang Binhi ni Abraham! Patuloy, patuloy, dalawampu't—limang taon na ang lumipas. Wala pa ring pagbabago kay Sarah, wala, liban sa tumanda siya, nakukuba na, at ganoon din siya. Subali't pinaniniwalaan pa rin ito ni Abraham.

76 At isang araw, nang makita ng Dios na buo ang loob ng Kaniyang lingkod na maging halimbawa para sa mga tao sa panahon na ito, at sa pamamagitan niya ay Kaniyang pagpapalain ang mga bansa, isang maaliwalas na umaga bandang mga alas—onse, tatlong tao ang naglalakad palapit sa kaniya. Nakipag—usap sila sa kaniya. At inanyayahan niya silang pumasok para umupo. May isang bagay sa kanilang parang kakaiba sa tao. Nauunawaan ng mga espirituwal na mga bagay ang mga espirituwal na mga bagay. Pansinin, at dumating

sila at naupo. Pinagmasdan sila ni Abraham, ang sabi niya, "Panginoon ko." Ano ang dapat niyang gawin?

77 Dalawa sa kanila ang bumababa at nangaral sa Sodoma, na isang makabagong patotoo sa panahon na ito. Hayan ang inyong tatlong uring mga tao: ang Sodoma, at ang iglesya doon sa Sodoma, si Abraham ang Hinirang ay wala sa Sodoma. Dalawang mensahero, isang makabagong Billy Graham at . . . Alalahanin, sa lahat ng mga mensahero sa iglesya, wala pa isa mang taong lumabas sa naturingang iglesyang iyan dyan, na nagtatapos ang pangalan sa h—a—m, noon. Noon pa si Finney, Sankey, Knox, Calvin, at iba pa, si Billy Sunday, at lahat na, nguni't hindi pa G-r-a-h-a-m, o anumang nagtatapos sa h-a-m, na ibig sabihi'y "ama ng mga bansa." Doon pumaroon siya sa dakong iyon, nangangaral. Tingnan ang panahon! Heto ang mga mapagkunwaring—mananampalataya, di—mananampalataya, at mga mananampalataya. Dumating ang tatlong lalaking ito. Dalawa sa kanila ang pumasok sa lungsod, isang makabagong Billy Graham at Oral Roberts doon sa gitna ng mga tao, nangangaral. Ang tagpo, tinukoy ito ni Jesus.

78 Pansinin, dumarating ang Hinirang, naroon sa labas sa bandang itaas dito, si Abraham at ang kaniyang grupo. At nang ang Lalaking ito na nanatiling kasama ni Abraham, masdan Siya, ipinakita Niya ang katangian ng Dios, dahil ang sabi Niya, "Nasaan si Sarah?" Sarai ang pangalan niya dati, noong isang araw; ngayon ito'y Sarah, S—a—r—a—h. Ang sabi "Abraham," hindi Abram, "Abraham, nasaan ang asawa mo, si Sarah?"

Ang sabi, "Siya'y nasa tolda sa Iyong likuran.

79 Ang sabi, "Aking dadalawin ka." Pagkatapos nakinig si Abraham sa pananalitang iyan. "Aking dadalawin ka ayon sa panahon ng buhay."

80 At tumawa si Sarah, ganoon nga iyon, ng palihim, sa loob—loob niya, at ang sabi, "Akong matanda na, at matanda na ang panginoon ko, upang magtamo kami ng kaligayahang muli gaya ng mga batang lalaki at babae? Tungkol sa—sa kaugnayang pantao, marahil, lumipas na ng maraming taon. Ako?" Tumawa siya.

81 At ang Lalaki, nakatingin kay Abraham, si Sarah sa tolda sa Kaniyang likuran, ay nagsabi, "Bakit tumawa si Sarah, sinasabi ang mga ito, 'Paano mangyayari ang mga bagay na ito?'" Ipinakilala Niya ang Kaniyang Sarili.

82 At tinawag Siya ni Abraham na "Elohim." Ngayon, alam iyan ng sinuman sa inyong bumabasa ng Biblia. Elohim, ang Dios, ang mag—Isang nabubuhay, kita n'yo, nakilala sa isang katawan ng tao na kumakain ng karne ng guya, umiinom ng gatas mula sa baka, at kumakain ng tinapay at mantikilya.

Ipinakilala ni Elohim ang mga katangian ng Dios, at tinawag Siya ni Abraham na "Dios." Ano? Nakilala Siya, Elohim!

83 Ang sabi ni Jesus, sa Lucas, ang ika—17 kabanata, kung kailan sa huling mga araw (ang Dios sa ibat—ibang panahon na nangungusap sa pamamagitan ng mga propeta, sa huling mga araw sa pamamagitan ng Kaniyang Anak), ngayon masdan, ang sabi Niya, "Sa panahong maihayag na ang Anak ng tao." Masdan, "naihayag," ipinakilala sa huling mga araw na ito bago ang panahon ng kawakasan, kapag inihahayag na ang Anak ng tao, itong kalagayan ng Sodoma ay babalik muli. "Kung papaanong sa mga kaarawan ng Sodoma, ganoon din naman sa pagdating ng Anak ng tao, kapag nahayag na Siya, nahayag na sa Iglesya, sa mga Hirang (hindi sa Sodoma o sa mga Sodomita, o sa mga naroon sa Sodoma), sa mga Hinirang." Si Abraham ang Hinirang. At ang maharlikang Binhi ni Abraham ay ang mga mananampalataya, sa pamamagitan ni Cristo Jesus ang Salita, at siyang ang Hirang. At kapag inihahayag na ang Anak ng tao, mangyayaring muli ang kalagayang iyan.

84 Tingnan ang mundo sa araw na ito. Kung hindi ba naman ito isang pangkaraniwang Sodoma at Gomorra, wala pa akong nakitang isa. Sodoma at Gomorra! Tingnan ang iglesya, tulad ni Lot na nakaupo roon at sadyang namimighati ang kaniyang matuwid na kaluluwa habang nakikita niya ang mga kasalanan ng Sodoma. Maraming ministro ang nakaupo sa kaniyang. . . Isang mabuting taong nag—aaral, inihahanda ang kaniyang teksto at iba pa, at tatanaw sa kalsada at nakikita ang mga babaing naka syorts, at kalaswaan at mga bagay—bagay, at mga bagay na nagpapatuloy tulad niyan, wala siyang masabing anuman tungkol dito, ititiwalag siya ng kaniyang organisasyon. Walang lakas ng loob si Lot na manindigan para Diyan na siyang tama, ganoon din naman ang makabagong Sodoma at Gomorra sa araw na ito.

85 Nguni't mayroong ilan sa mga nasa labas ng Sodoma, na ipinanganak doon, hindi sa pamamagitan ng kalooban ng tao, kundi sa pamamagitan ng kalooban ng Dios at ang Binhi ng Dios. Masdan ang pagkakilanlan doon, hindi lang ang pangangaral, kundi ang tanda ay ipinakilala ang Salita ng Dios na naging laman sa isang tao. Nagbabalik ang kalagayan tulad noon, at ito'y parehong—pareho sa araw na iyon. Lahat ay ganoon na ganoon, lahat ay tumulad. Sana may oras pa tayo para magpatuloy dito sa ilang sandali, nguni't kapos na tayo, kaya bibilisan natin. Ang kalagayan ay muling ibabalik sa huling mga araw.

86 Ngayon, sa Hebreo 10:1, "Ang Dios, sa ibat—ibang panahon, sa pamamagitan ng mga propeta, ay ipinakilala ang Kaniyang sarili. At sa mga huling araw ay ipinakilala ang Kaniyang sarili sa pamamagitan ng Anak," na Siyang Hebreo 13:8, "Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

87 Pansinin, ang Dios, sa ibat—ibang panahon, ay nangusap kay Moises. At ngayon, at alalahanin, ipinakilala Niya ang Kaniyang sarili sa pamamagitan ng isang Liwanag, Haliging Apoy sa isang nagniningas na palumpong. Ganiyan Niya ito ginawa sa ibat—ibang panahon. At nangusap Siya kay Moises. At ang Liwanag na iyan, ano ang ginawa Nito? Nagpakita Ito ng katangian ng Dios, ipinangusap Nito ang Salita, "Narinig Ko ang mga daing ng Aking bayan doon sa Egipto. Nakita Ko ang kanilang paghihinagpis at narinig ang kanilang mga pag—iyak, at naalala Ko ang Aking Salita. Bababa Ako, isang Haliging Apoy, isang Liwanag, para pumaroon at para palayain ang bayan. Isinusugo Kita, Moises."

88 Masdan ang mga katangian ng Dios. Dumampot ng sandakot na alikabok at inihagis ito sa hangin, at naging mga pulgas ito. Ang Manlilikha na katangian ng Dios ay na kay Moises.

89 At nangusap si Moises, sa Deuteronomio 18:15, at nagsabi, "Palilitawin sa iyo ng Panginoon mong Dios ang isang Propeta na gaya ko." Ngayon masdan, iyan muli ang Salita, katangian. Ang Dios na nangungusap sa pamamagitan ni Moises, sinasabi sa kanilang magpapalitaw ang Panginoon ng Isang gaya niya. Ngayon pansinin kung paanong ipinakilala Siya ng mga katangian ni Jesus na siyang pangakong Salitang ito. Nang sabihin ni Moises na mangyayari ito, ipinakilala ito ng katangian ni Jesus. Pansinin ngayon, "Ang Panginoon mong Dios," iyan ang Dios, iyan ang Salita, "ay magpapalitaw ng isang Propetang gaya ko. Ang sinumang hindi maniwala sa Propetang iyan, ay ihihiwalay mula sa bayan." Ngayon masdan, kapag dumating si Jesus, kung gayon anong uri ng katangian ang Kaniyang tataglayin? Kita n'yo, pansinin ngayon ang ipinangakong Salita, ipinangako Siyang magiging isang Propetang gaya ni Moises.

90 Ngayon, mayroon silang lahat ng uri ng mga guro, lahat ng uri ng mga rabbi. Hindi pa sila nagkaroon ng isang propeta sa loob ng apat na raang taon, buhat—buhat kay Malakias, at ngayon bigla na lamang lumitaw ang isang Lalaki sa eksena.

91 Ngayon, may isang mangingisda, dalawa sila, mga anak ng isang tao, at isa sa kanila, Andres ang kaniyang pangalan, at Simon naman ang pangalan ng isa. Sinabihan sila ng kanilang ama kung paano magmatyag sa mga araw; marami nang mga bagay na huwad ang nagsisilitaw. Ang matandang lalaki. . .Nabasa ko ang isang munting aklat minsan, kung saan, kuwentong katha marahil ito, hindi ko alam, na ang sabi niya, "Mga anak, ngayon bago ang pagdating ng Mesiyas, tulad ng ating inaabangan, darating ang panahon kung saan ay magkakaroon ng napakaraming kung anu—anong mga bagay na mangyayari. Nguni't ang paraan kung paano ninyo makikilala ang Mesiyas na ito, magiging ayon Siya sa Kasulatan. Siya ay magiging Propeta, sapagka't sinabi ng Salita ng Dios na isa Siyang Propeta."

92 Narinig ni Andres si Juan. Buweno, ang ginagawa lamang ni Juan, ay pagpupropesiya lamang. Alam ninyo, ang sabi ni Jesus, "Nagsilakad kayo sa liwanag ni Juan, nguni't mas higit ang Liwanag Ko kaysa kay Juan. Mas higit ang pagkakakilanlan Ko kaysa kay Juan, sapagka't, ang mga gawang iniatas ng Ama na Aking gagawin, sila ang nagpapatotoo sa Akin." Nangaral lang si Juan, basta't inihanda lang niya, hindi siya gumawa ng anumang himala o anumang katangian ng Dios para sa pangako. Nguni't narito dumarating si Jesus na taglay ang katangiang iyan!

93 Lumabas isang araw si Simon para pakinggan Siya, at nang pagkadaka . . . marahil pumaroon si Simon na kasama si Andres. Madalas na ang pagdadalo ni Andres. Nguni't, si Simon, nang dumating siya sa Harapan! Ngayon makinig, bilang pagtatapos. Nang dumating siya sa Harapan ni Jesus, tiningnan siya ni Jesus, ang sabi Niya, "Ang pangalan mo ay Simon, at ikaw ay anak ni Jonas." Kita n'yo, ang katangiang ipinangako ay nakilala sa Kaniya.

94 Hindi kayang isulat ng taong iyan ang kaniyang pangalan, sinabi ng Bibliang siya ay kapuwa mangmang at walang pinag—aralan. Ngunit isa itong pagkakakilanlan, na mabilis niyang tinalikuran ang lahat ng kaniyang kawalang—pananampalataya, at ang sabi niya, "Iyan ang Mesiyas na ating hinahanap!" Buweno, pinaniwalaan niya Ito.

95 May isang nakatayo roon na nagngangalang Felipe, na tumakbo sa buong lungsod, sa burol, sa lalawigan, halos labinlimang milya, at sinundo ang isang kaibigan, nagbalik kinabukasan kasama siya, na nagngangalang Natanael. Natagpuan niya siya sa ilalim ng puno, nananalangin. Ang sabi niya, "Halika, tingnan mo kung Sino ang aming natagpuan, si Jesus na taga Nazaret, ang anak ni Jose."

96 Ang sabi niya, "Teka, teka, teka! Mayroon bang anumang mabuting bagay na lalabas mula sa Nazaret, buhat sa mababang uri ng mga taong naroroon?"

Ang sabi, "Halika at tingnan mo!"

97 Iyan ang pinakamaganda, iyan ang pinakamagandang pangungusap na masasabi ng isang tao. Huwag manatili sa tahanan at mamintas. Pumunta at alamin, saliksikin ang mga Kasulatan! Halika, tingnan!

98 Sa daan pabalik, naglakad sila pabalik, nag—uusap tungkol sa kung ano ang mga nangyayari, sinasabi niya sa kaniya ang tungkol kay Simon na nakilala Niya, ang kanyang ama at iba pa.

99 Pagkatapos ng lumapit siya sa hanay, marahil isang hanay ng panalangin, maaaring mula sa mga tagapakinig, hindi ko alam. Nguni't saanman siya galing, at nakita siya ni Jesus sa unang pagkakataon, ang sabi Niya, "Narito ang isang Israelita, na sa kaniya'y walang nasumpungang daya!"

Ang sabi niya, "Rabbi, kailan Mo ako nakilala?"

100 Ang sabi Niya, "Bago ka pa tinawag ni Felipe, noong nasa ilalim ka ng puno, nakita Kita." Pagkakakilanlan iyan ng mga katangian ng pinahirang Dios.

101 Ang sabi, "Rabbi, Ikaw ang Anak ng Dios!" Ano ba ito? Ipinakilala Siya ng Kaniyang mga katangian. Nalalaman niya sa pamamagitan ng Kasulatan na iyan ang pinahirang Lalaki, ang Dios na pinahiran sa laman. Ang Dios ay nakay Cristo, ipinakipagkasundo ang mundo sa Kaniyang Sarili. Ang sabi niya, "Rabbi, Ikaw ang Anak ng Dios. Ikaw ang Hari ng Israel."

102 Ang sabi ni Jesus, "Dahil ba sa sinabi Ko iyan, ay pinaniwalaan mo Ako? Mas higit pa rito ang makikita mo."

103 Ngayon, may mga nakatayo roon, na hindi Ito pinaniwalaan. Ang sabi nila, "Ang Lalaking ito ay si Beelzebub, Siya'y isang manghuhula."

104 Ang sabi ni Jesus, "Pinatatawad Ko kayo riyan. Datapuwa't kapag dumating na ang Banal na Espiritu para gawin ang gayunding bagay, isang salitang laban Dito ay hindi na mapapatawad sa mundong ito o sa mundong darating."

105 Kita n'yo, hindi pa nagawa ang pagbabayad ng kasalanan. Kita n'yo, hindi pa maaari, hindi ka magkakaroon. . . hindi ka maaaring ibulid sa impiyerno bago ka humarap sa paghatol. Hindi iyan gagawin ng bansang ito, hindi rin gagawin ng Dios. Kita n'yo, kayo'y nasa isang dako, nag—aabang sa tanikala ng bilangguan hanggang sa tanggapin mo ang hatol. At, nakita ninyo, hindi Niya mapagtatabuyan sila, sapagka't hindi pa nagaganap ang pagbabayad ng kasalanan.

106 Nguni't pagkatapos ng Kaniyang kamatayan, paglilibing, at lumabas ang Tanda mula sa Dugo, ang Banal na Espiritu, kung gayon, ang magsalita laban Diyan, ito'y isang walang—kapatawarang kasalanan. Isang salita lamang ang kailangan mong salitain laban Dito, kung gayon wala nang kapatawaran saanman. Isang salitang laban Dito, kita n'yo, anong dakilang bagay ito.

107 Ngayon, kaya sa gayon napag—alaman nating muli, ipinakilala Siya nito bilang pinahirang Mesiyas. Ang Dios na nakay Cristo, ang Kabayaran ng kasalanan para sa huling mga araw, si Cristo na gumaganap ng pagbabayad ng kasalanan para sa huling mga araw. Ngayon, para kay Natanael, kanyang—kanyang—kanyang—pinaniwalaan Ito at nakilala Siya.

108 May isang munting babaing lumabas tungo sa balon minsan sa Sychar, isang lungsod ng—ng Samaria. Kinailangang dumaan doon ni Jesus noong Siya'y nasa Kaniyang paglalakbay, pababa ng burol galing Jerusalem, patungong Jerico, nguni't umikot pa Siya ng Samaria. Sabi Siya ay "kailangang pumaroon," pinangunahan Siya papunta roon ng Ama. Nang pumaroon na

Siya, inutusan Niya ang mga alagad. At naupo, nagninilay—nilay, sa wari ko, kung ano nga ito.

109 Ngayon alalahanin, sa San Juan 5:19, ang sabi ni Jesus, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, walang anumang magagawa ang Anak sa Kaniyang sarili, kundi kung ano ang nakita Niyang ginagawa ng Ama." Ngayon alalahanin, hindi Siya kailanman gumawa ng isang himala, hindi nang sa *narinig* Niya ito, nang sa "nakita" Niya ito. "Hindi makagagawa ang Anak hangga't hindi Niya makikitang ginagawa muna ito ng Ama."

110 Kita n'yo, ipinakita niyan kung ano Siya, ang Propetang iyan, Propetang—Dios. Higit pa sa isang Propeta, Siya ay Dios! Lahat ng mayroon ang mga propeta, ay nasa Kaniya, higit pa. Ang mga propeta ay may isang bahagi lamang ng Salita. Nasa Kaniya ang lahat ng Salita, Siya ang Salita sa kapuspusan Nito. Nguni't pansinin, "Nangusap ang Dios sa ibat—ibang panahon sa ibat—ibang paraan, sa pamamagitan ng mumunting mga bahagi. Sa huling araw na ito, dumating ang kapuspusan ng Salita sa Kaniyang Anak na si Cristo Jesus, ang Dios na nagkatawang—tao sa ating kalagitnaan."

111 Ang munting babaing ito, walang dangal, ang tawag natin sa kaniya, pagkaminsan, isang patutot. Marahil dati nang palaboy sa kalsada ang bata. Pagkaminsan tulad ngayon, hindi naman ito lahat mga kabataang may masamang asal, ito'y mga magulang na masasama ang asal, hinahayaan ang dalagitang lumabas at kumilos nang ganiyan. Marahil isang magandang munting babae, pumunta siya roon para sumalok ng isang timbang tubig, mga alas onse.

112 Ngayon alalahanin, kung napunta na kayo sa silanganan, wala pa rin silang pagbabago ni katiting, ito'y dati paring kaugalian. Lumalabas ang kababaihan, maaga sa balon ang mga birhen at sumasalok ng kanilang tubig, ang isang patutot o isang walang dangal ay hindi maaaring sumabay sa kanila. Hindi sila maaaring magsama.

113 Makalalabas lamang siya kapag tapos na ang lahat. Dumating siya, marahil pagod, marahil nakasama niya ang bagong kasintahang iyan, ang asawa niya nang gabing iyon. Lumabas siya, dala ang lalagyan ng tubig na ito, inilapag niya ito. Iniayos ito, ang pangsalok, para ibaba ito, narinig niyang nagsalita ang isang Lalaki, "Dalhan mo Ako ng inumin."

114 Tumingin siya sa paligid at nakita niya isang katamtamang—edad na Lalaking nakatayo roon, medyo maputi na ang Kaniyang balbas. Siya ay mga tatlumpung taong gulang lamang, nguni't sinabi ng Bibliang mukha Siyang limampu. "Ikaw ay isang taong di lalampas ng limampung taong gulang, at nagsasabing nakita mo si Abraham?"

115 Ang sabi niya, “Bago pa si Abraham, Ako NGA.” Kita n’yo? Kita n’yo, hindi nila naunawaan Ito. Ipinapagpag Niya ang mga lintang iyon sa Kaniya.

116 Sa panahong ito kailangan nating magmaka—awa at makiusap, at tumapik—tapik at maghimok, at manghikayat at mangako sa mga Kristiyano, na pumunta sa simbahan, “Kapag pumunta sila sa simbahan, gagawin namin ang ganito—at—ganiyan.”

117 Si Jesus, noong narito pa Siya sa lupa, napakaraming sumasama sa Kaniya. Tumingin Siya sa paligid at nakita ang kongregasyon, nais Niyang paalisin sila, ang sabi Niya, “Malibang kanin ninyo ang laman ng Anak ng tao at inumin ang Kaniyang Dugo, ay walang Buhay sa inyo.”

118 Aakalain mo bang nakaupo roon ang isang doktor? “Aba,” ang sabi, “gusto ng Lalaking ito na maging isang taong—bampira tayo. Inumin ang Kaniyang Dugo? Kalokohan! Magsipag—alisan kayong lahat at iwanang mag—isa ang baliw na Lalaking iyan.” Umalis sila.

119 Hindi Niya kailanman ipinaliwanag Ito. Hindi Niya kailangang ipaliwanag Ito. Liligligin Niya minsan ang inyong pananampalataya para makita iyang gagawin ninyo. At ginagawa Niya ang ganoon ding bagay sa araw na ito, oo, hayaan itong maging parang nakakatakot sa inyo ng kaunti, para malaman kung saan kayo naninindigan, kung talagang sumasampalataya kayo.

120 Alalahanin, silang mga alagad, itinalaga na nang una ng Dios, hindi natinag. Hindi nila maipaliwanag Ito, rin, nguni’t ayaw nilang matinag. Pagkatapos dumating Siyang muli, ang sabi Niya . . .

Ang buong kongregasyon na iyan ay umalis, libu—libo.

121 Sinabi Niya sa pitumpung nakaupo roon, ang Kaniyang mga ministro na itinalaga Niyang humayo at mangaral sa Kaniyang harapan, ang sabi Niya, “Uugain Ko sila at titingnan kung nasaan sila nakatayo.” Kaya sinabi Niya, “Buweno, anong sasabihin ninyo kung makita ninyong umaakyat sa Langit ang Anak ng tao kung saan Siya nagmula?”

122 “Ang Anak ng tao ay umaakyat sa Langit? Nangingisda kaming kasama Siya, nahihiga kami sa mga pampang ng ilog na kasama Siya. Kumakain kaming kasama Siya. Nakita namin ang sabsabang Kaniyang pinanganakan. Kilala namin ang ina Niya, ang mga kapatid Niya. At aakyat ang Anak ng taong ito sa kung saan Siya nanggaling? Nagmula Siya sa Nazaret! Matigas na pananalita ito.” Sila ay umalis, din. Ang sabi nila, “Hindi namin mauunawaan Ito.” Kita n’yo? Anong nangyari? (Hindi natinag yaong mga alagad. Hindi nila maipaliwanag Ito.) Umalis silang lahat. Hindi Niya kailanman ipinaliwanag Ito. Hindi na Niya kailangan pa.

123 Mayroon tayo sa araw na ito na mga inaalagaang mga halaman, na tinatawag na mga Kristiyano, isang taong kailangan mo pang wisikan at alagaan at pasayahin, "At maari ka bang makisama sa akin, maari ka bang makipagtulungan, maari mo bang gawin *ito*." Oh, kayong bungkos ng mga kailangang alagaang mga halaman! Kailangan natin ng totoong Kristiyanismo, ipinanganak ng Espiritu ng Dios. At hindi nangangailangan ng pakikipagkasundo, wala nang iba pa, wala silang anumang hingin.

124 Bumaling si Jesus, tiningnan silang mga alagad, ang sabi, "Kayo ba ay aalis, din? Nais ba ninyong umalis, din?" Ang sabi Niya, "Pinili Ko ang labindalawa sa inyo, at diablo ang isa sa inyo. Bakit hindi kayo umalis, din?"

125 Pagkatapos binigkas ni Pedro yaong di—malilimutang mga salita, "Panginoon, saan kami patutungo? Lubos kaming naniniwala, alam namin na Ikaw ang ipinakilalang Bukal ng Buhay. Nasa Iyo ang Salita, at tanging Ito lamang. Lubos kaming naniniwala."

Ang babaing ito ay nakatayo roon. Ang sabi, "Dalhan mo Ako ng inumin."

126 Ang sabi niya, "Ito'y hindi nakaugalian, may pagbubukod—bukod tayo, wala kaming ganiyang bagay rito."

127 Ipinaliwanag kaagad Niya sa kaniya na walang kaibhan sa pagitan ng Hudyo o anuman ito. Siya ay Dios. Ang sabi Niya, "Sunduin mo ang iyong asawang lalaki at pumarito."

Ang sabi niya, "Wala akong asawa."

128 Sinabi Niya, "Nagsabi ka ng katotohanan. Ika'y nagkaroon ng lima, at ang isang iyong kinakasama ngayon ay hindi mo asawa."

129 Ngayon masdan ang babaing iyan. May nangyari, yaong munting itinalagang Binhi roon sa puso niya!

130 Nang sabihin Niya Iyan sa mga Fariseong iyon, tingnan mo sila, pinadilim lamang nila ang kanilang ipinahayag. Ipinahayag nilang mga Kristiyano sila, ipinahayag na mga tagasunod sila, ipinahayag nilang iibigin Siya. Nguni't nang dumating ang Katotohanan, nagpadilim Ito sa kanila.

131 Nguni't nang dumating *ito*, naghatid Ito ng Buhay, pinawi Nito ang kadiliman at ginawa itong puro kaliwanagan. Ang sabi, "Saan . . . "

132 Ang sabi niya, "Ginoo, nahihiwatigan kong Ikaw ay isang Propeta. Ngayon, hindi kami nagkaroon sa loob ng apat na raang taon, kita n'yo. Nahihiwatigan kong isa Kang Propeta. Ngayon, alam namin na kapag dumating na ang Mesiyas, ganiyang uri ng katangian ang pagkakakilanlan sa Kaniya, sasabihin Niya sa amin ang mga bagay na ito."

Ang sabi Niya, "Ako nga Siya na nangungusap sa iyo."

133 At, dahil diyan, ibinaba niya ang sisidlan ng tubig, pumaroon sa siyudad at nagsabi, "Halikayo, tingnan ang isang Lalaking nagsabi sa akin ng mga bagay na aking ginawa. Hindi ba't ito ang pinakakatangian ng pinahirang Mesiyas na siyang Salita, na nakakaalam ng mga kaisipang nasa sa puso? Hindi ba't ito ang Mesiyas?" Oh, naku!

134 Tingnan, ang babaing inaagasan ng dugo, Siya ay nakilala niya, sa pamamagitan ng Kaniyang katangian, na Siya ang Mesiyas. Ang babaing inaagasan ng dugo ay nakilala Siya, ang Salita.

135 Sa Hebreo 4:12, sinabi ng Biblia na, "Ang Salita ng Dios ay mabisa kaysa alinmang tabak na may dalawang talim, at madaling Kumilala ng mga pag—iisip na nasa puso," (ilan ang nakaaalam niyan?) "sa kaisipan." Ganiyan ang Salita. Naniniwala ba kayong Siya ang Salita? Naniniwala ba kayong Siya'y tulad kahapon, ngayon, at magpakailanman? Iyan na ito, kung pinaniniwalaan ninyo Iyan.

136 Pansinin, ang sabi ng munting babaing ito, "Kung mahihipo ko lamang Siya! Hindi mahalaga sa akin gaano man ang sinasabi nila tungkol sa Kaniya. Naniniwala akong Siya ay kung anong sinabi Niyang gayon Siya. Kung mahihipo ko Siya, ako'y gagaling." Kaya sumingit siya at hinipo Siya. Nagbalik sa karamihan.

Huminto si Jesus, at nagsabi, "Sino ang humipo sa Akin?"

137 At si Pedro ay nagawa Siya na parang isa Siyang neurotic, ang sabi niya, "Aba, ang lahat! Huwag magsalita ng mga ganiyang bagay, aba, hindi nila malaman kung anong iisipin tungkol sa Iyo. Isang Taong nasa katatayuan Mo, at pagkatapos sasabihin, 'Sinong humipo sa Akin?' Ang lahat ay humihipo sa Iyo."

138 Ang sabi Niya, "Nguni't nararamdaman Kong Ako'y nanghina, may lumabas na kagalingan sa Akin." Nalamang may nangyaring isang bagay!

139 Ngayon tingnan, tingnan kung anong dumating, ang sumunod na malaking pagkagulat. Tumingin Siya sa paligid hanggang sa matagpuan Niya siya, at sinabi Niya sa kaniya ang kalagayan niya, at ang pananampalataya niya ang nagligtas sa kaniya. Siya ay . . . Nakilala Siya bilang ang Salita ng Dios, nakababatid ng mga lihim ng puso. Oh, naku! Napagkikilala ng Salita ang katawan, napagkikilala ang puso.

140 Ngayon sandali lang, sa pagtatapos. Ngayon, gaya sa Hebreo 13:8 ay totoo, "Siya ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," pinaniniwalaan ba ninyo Iyan? Ngayon marami akong nilalaktawan dito na aking sasabihin sana. Samakatuwid, ipakikilala Siya ng Kaniyang katangian ngayon

sa kasalukuyang panahong ito, kung Siya'y ang siyang kahapon, ngayon, at magpakailanman, tulad lamang ng Siya noon. Tama ba iyan? Ipinangako Niya ito. At, tandaan, ang katangian Niya ang pagkakakilanlan sa Kaniya. Ilan ang nakauunawa nito, itaas ang inyong kamay. Ang katangian Niya ang pagkakakilanlan sa Kaniya.

141 Tulad niyaong nagmula sa Emmaus, tulad ng sinasabi ko ito. Naipako na si Jesus sa krus. Malungkot silang lahat. Nanggaling sila sa libingan, ngayon sinabi nila, "May dumating at ninakaw Siya." Isang araw lumabas Siya mula sa makakapal na damo at sumabay sa kanilang paglalakad, habang patungo siya sa Emmaus. At sinasabi nila . . .

Sabi Niya, "Bakit kayo—bakit napakalungkot ninyo?"

Ang sabi niya, "Buweno, Ika'y isa lamang dayuhan dito."

142 At pagkatapos nang mapapasok na Niya sila, ginawa Niya ang isang bagay na tulad ng ginawa Niya bago Siya maipako sa krus. Katangian Niya ang paggawa nito sa ganiyang paraan. At agad nilang nakilala, sa pamamagitan ng katangian Niya, na iyan na nga ang iisang Jesus na napako sa krus. Amen.

143 Binuhay Siya ng Dios mula sa mga patay, at ang katangian Niya sa panahon na ito, ito parin, tulad parin ito noon! At ang pagbabalik ng mga kaarawan ng Sodoma, na naipropesiya ni Jesus, gayunding bagay ang magaganap "kapag nahahayag na ang Anak sa mga tao." Ito'y pagkakakilanlan ng Kaniyang katangian. Sa Hebreo 4:14 at 15, "Siya ngayon ang ating Dakilang Saserdote na maaaring mahabag sa ating mga kahinaan, kung papaano Siya noon." Pinaniniwalaan ba ninyo iyan? Hinihipo Siya ng ating mga kahinaan. Buweno, kung mahahabag Siya dito, papaano Siya kikilos kung Siya'y ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman? Magiging ganoon din ang katangian Niya. Kung gayon Siya'y kikilos ng tulad sa Kaniyang ginawa nang hipuin ng babae ang damit Niya. Pinaniniwalaan ba ninyo iyan? Nanatili Siyang nabubuhay, buhay parin Siya ngayon, at ipinakikilala parin Siya ng Kaniyang katangian sa panahon na ito kung papaano Siya noon. Pinaniniwalaan ba ninyo ito ng buong puso ninyo? Ang Dios, nakilala sa pamamagitan ng Kanyang katangian, ay ipinakikilala Siya.

Iyukod natin ang ating mga ulo.

144 Makalangit na Ama, kami'y mga lalaki at babae lamang na nakaupo rito sa gabing ito. Nguni't kami, tulad ng dati, ay pinanghahawakan ang Dios kapag pinanghahawakan namin ang Salita. At, Ama, ako'y matatakot magsalita ng isang bagay na wala rito. Ako'y matatakot na subukang ilagay ang aking sariling pagpapaliwanag Dito, sapagka't baka ito magkamali. At sinabi Mo, "Sinumang mag—alis ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isang Salita Rito, ang kaniyang bahagi ay

aalisin sa Aklat ng Buhay." Anong silbi ng buhay ko kung gayon, Panginoon, kung gagawa ako ng masamang bagay na tulad niyan? Kaya nga ipinangungusap ko lamang Ito kung papaano Ito.

145 At, Ama, ipinangako Mong kikilalanin Mo Ito. Naniniwala akong nabuhay Ka mula sa mga patay, dalawang libong taon na ang nakararaan, at buhay sa gabing ito, tinatawag ang simpleng mga tao tulad ng palagi Mong ginagawa, isa *rito* at isa *roon*; walang mga grupo, walang mga organisasyon, walang mga mahuhusay na pamamaraan na ginawa ng tao. Nguni't sinabi Mong kukunin Mo ang isang kalipunan ng mga tao mula sa mga Gentil, isang bayan, "Dalawa sa bukirin; iiwan Ko ang isa, kukunin ang isa. Dalawa sa higaan; iiwanan Ko ang isa, kukunin ang isa," isang kalipunan ng mga tao rito at doon, alang—alang sa Iyong Pangalan, ang Nobya.

146 Naniniwala akong ipinakikilala Ka ng Iyong katangian. Ipinangako Mo, "Kung papaanong sa mga kaarawan ng Sodoma," ay gayundin naman sa araw kapag inihahayag Ka na, ang Salita. Ang Salita Mismo, ng oras na ito, ay siyang maghahayag ng Mismong Salita, tulad ng Salitang dumating sa mga propeta. At, Ama, nakita namin si Juan na nakatayo rito sa lupa, at hayun ang—ang Salitang ipinahahahayag niya. At ang sabi ng Biblia, "Ang Salita ay palaging sa propeta dumarating." At ang Salita ay naging laman noon, kaya lumusong Ito sa tubig, patungo kay Juan. Dumating ang Salita sa propeta.

147 Amang, Dios, pumarito Ka sa gabing ito, dalangin Ko, at tulungan kami. Tulungan ang kawalan namin ng pananampalataya. Patawarin kami sa aming mga pagkukulang. Pagalingin ang mga maysakit at nagdadalamhati. Isang Salita mula sa Iyo, Panginoon, ay mangangahulugang higit sa anumang bagay na masasabi ng sinumang tao. Mangusap Ka lamang, Ama, isang Salita lamang ay mangangahulugan ng labis—labis. Ngayon, Ika'y ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Inihahabilin namin ang aming mga sarili sa Iyo ngayon. At dumadalangin kami na kapag umalis na kami at umuwi sa aming mga tahanan sa gabing ito, sasabihin namin ang tulad sa sinabi ng mga taong mula sa Emmaus, nang makita nilang gumawa Siya ng isang bagay na magpapakilala sa kanila na Siya ang nabuhay na Panginoon. Kahit gaano pa ang sinabi nila, "Ninakaw nila ang katawan Niya, at—at ginawa nila *ito*, *iyan*, o ang *iba pa*," nalaman nila sa kanilang mga sariling binuhay Siya mula sa mga patay. Hindi Mo ba ngayong gabi ipakita ang Iyong Sarili sa amin na buhay na muli, at tawagin yaong nasa magandang lungsod na ito at sa palibot, na itinalaga sa Buhay, patungo sa Iyo. Dahil Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

148 Ngayon, hihiling ako sa inyo ngayon ng mga labinlimang minuto. Tayo'y medyo mahuhuli ng mga sampung minuto.

Bibilisan ko. Nais kong tawagin ang mga prayer kard. Sa palagay ko si Billy. . . G, mga prayer kard G, iyan ba ang naipamahagi sa kanila? G, mga prayer kard G, kunin natin ang mula sa isa hanggang labinlima o dalawampu, mga ganiyan. G, isa. Ilan. . . Sino ang may G, bilang isa, itaas ang iyong kamay, tingnan natin kung ito'y naririto. [Blankong bahagi sa teyp—Pat.] At, alalahanin, hawakan ang inyong mga prayer kard, maipananalangin kayo. Kung hindi ninyo makuha ito sa gabing ito, sisikapin namin ito. Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, walo, siyam, sampu, sa banda rito bilisan lang hanggang sa makakaya ninyo, at pumunta sa banda rito at pumila. Sige. Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito. Tatlo ang nawawala roon. Pito, pito, at isa, dalawa, tatlo. . . Bilangin mo sila, Roy, para sa akin. Sige, sampu. Sige, isa hanggang sampu. Labinlima na ngayon, G, isa hanggang labinlima, iya'y labin—. . . o sampu, labing—isa, labindalawa, labintatlo, labing—apat, labinlima. Sige. Tayo'y—huminto tayo riyan, ito muna. Sige.

149 Ngayon ating—sinisikap nating pangatawanan ang ating salita, kita n'yo, matatapos ng alas nuebe y media, nguni't hindi natin gagawin ito sa gabing ito, ako—ako—alam ko. Nguni't nais ko ngayong ibigay ng lahat ang buong atensiyon.

150 Ngayon, kung ipinangusap ko ang Katotohanan at sinabi sa inyong mangyayari ang mga bagay na ito, at narito ito sa Biblia, na ito ang oras. Tinuruan kayo marahil sa ibang paaralan. Gayundin naman ang mga Fariseo. Nguni't ang sabi ng Biblia, sa araw na iyon, "Isang birhen ang maglilihi," Siya. . . Naglihi nga. Sinabi Niyang magiging *ganiyan* ang mga katangian ng Mesiyas. Gayon nga. Nguni't hindi nila pinaniwalaan Ito. Hindi iyan nakapigil sa Kaniya para magpatuloy ng dati pa rin. Tulad pa rin ito ngayon. Tayo'y nabubuhay sa huling mga oras ng huling araw.

151 Sinasabi ng agham na ito'y tatlong minuto bago maghatinggabi. Sa palagay ko ito'y mas huli na kaysa riyan ngayon, higit sa anumang oras. Ginapang na ng komunismo ang bansa, at sumunod na ang mga mangangaral sa komunismo sa halip na kay Cristo. Ito'y para bang hahayo para sikaping batikusin iyan, bakit hindi tingnan ang oras na ating pinamumuhayan? Ang komunismo, wala tayong. . . Naku, naku! Hindi ako takot sa komunismo. Ito'y ang mahuhuli kayong hindi nakahanda sa pagdating ng Panginoon, ay kung ano ito, sa iglesya. Ngayon hayaan ang lahat, hayaan ang buong Amerika na bumaling sa Dios, at masdan kung ano ang mangyari sa komunismo. Kailangang hanapin mo ang sakit, at pagkatapos kunin ang lunas.

152 Ngayon, maging magalang ang lahat, pakiusap lang huwag kayong magpaikot—ikot. Ngayon, ilan sa mga naririyan ang walang mga prayer kard, at nais ninyong pagalingin kayo ng

Dios, itaas lamang ang inyong kamay, sabihing, "Ako—ako—ako—ako'y sumasampalataya." Saanman kayo naroroon.

153 Ngayon tingnan, sa palagay ko gumagana ito, [Hinipan ni Kapatid na Branham ang mikropono—Pat.] ito. Mabuti. Kung kayo'y mayroon. . . Naririnig ba ninyo ako riyan sa likuran? Mabuti. Sige. Ngayon masdan mo ito, Kapatid na Roy.

154 Ngayon, isang Salita mula sa Dios ay mangangahulugan ng higit kaysa sa lahat ng maaari kong sasabihin.

155 Ngayon, sa pagtingin mula rito, ito'y mahirap, ito—palagi na ito. Kita n'yo, ang mga ilaw ay nakatutok mismo sa mukha mo, at ito'y parang mahirap tumingin sa dako riyan para makita ang mga tao.

156 At hindi ko alam. Hindi ko makita isa mang tao, sa totoo, na maari kong makita na kakilala ko. Ilan sa inyo ang mga hindi ko kakilala, itaas ang inyong kamay, batid na wala akong alam tungkol sa inyo. Sa palagay ko ito'y kahit saan. Ilan sa mga nasa hanay ng panalangin ang nakaaalam na wala akong alam tungkol sa inyo, itaas ang inyong mga kamay. Lahat ng nakapila sa hanay ng panalangin diyan, kung naririnig ninyo ako, itaas ang inyong mga kamay kung—kung ako'y isang estranghero sa inyo. Bawa't isa.

157 Ngayon ano ba Siya? Siya'y ang Dakilang Saserdote na maaaring mahabag sa ating mga kahinaan. Ang babaing iyan na humipo sa damit Niya, marahil ay wala siyang prayer kard, alinman, nguni't nahipo niya Siya at, nang mahipo na niya, may kung anong nangyari. Ngayon ganoon din ang gawin ninyong paghipo, hipuin Siya. Ilan ang nakakaalam diyan sa Mga Hebreo, ang ika—4 na kabanata, sinasabi, "Ngayon Siya'y ang Dakilang Saserdote na maaaring mahabag sa ating mga kahinaan"? Ilan ang nakaaalam nito? Buweno, ipakikita ba Niya ang gayunding Katangian Niya? Kung Siya'y ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, ipakikita Niya. Sige. Ngayon, ito ba ang . . .

158 Kapatid na Pearry, ilapit mo na sila sa akin ngayon. Ngayon nais kong maging totoong magalang ang bawa't isa. Sa banda rito, dito lang, babaeng kapatid.

Ngayon, naririnig ba ninyo ako? Ngayon, hindi ko alam. Tingnan n'yo kung sino man ang nasa—ang makinista roon, 'pagkat hindi ko alam kung papaano.

159 Isang pangitain. Ngayon, tandaan, hindi ako Mesiyas, hindi ako si Cristo. Nguni't naririto Siya. Iyan ang sinisikap kong makita ninyo, Siya'y naririto, tinutupad Niya ang Kaniyang Salita.

160 Ngayon, kung maysakit ang babaing ito, hindi ko alam. Hindi ko siya kilala. Siya'y mas matanda kaysa sa akin. Marahil

ilang taon ang pagitan nang ipanganak kami, at milya—milya ang pagitan, ito ang una naming pagkikita.

161 Ngayon, tulad lamang iyan nang makatagpo ng ating Panginoon ang isang babae, sa San Juan 4. Sinisikap kong gawin itong napakaliwanag na di—maaring hindi ninyo makita ito, sa gayon, sa Dako ng Paghatol, wala nang dugo sa aking mga kamay sa araw na iyon. Ngayon, ipinangako ni Jesus na sa huling mga araw ay mangyayari itong muli. Sa pagpatuloy natin sa buong sanlinggo, malalaman ninyo. Ito'y isang pangako.

162 Ngayon, hindi ko kilala ang babae, ito'y pagtatagpo ng isang lalaki at babae sa unang pagkakataon. Ngayon, kung ipahahayag sa akin ng Panginoong Jesus ang dahilan ng pagparito mo, o ng iba pa, o kung ano ang ginagawa mo, o ano'ng problema mo, o kung ano ang nagawa mo, kung ito'y tungkol sa pananalapi, sa pamilya, anuman ito, ito'y kailangang buhat sa isang supernatural na Kapangyarihan, 'pagkat hindi kita kilala. Ilan ang sasaksi riyan, na kailangang dumating ito sa pamamagitan ng isang supernatural na Kapangyarihan? Ngayon, puwede kang maglaro ng tulad sa Fariseo, sasabihing ito'y isang. . .(Sa kabilang panig, Kapatid na Roy, kita mo.) Makapaglalaro ka ng tulad sa mga Fariseo, at sasabihin, "Ito'y isang masamang espiritu," na ginagawa ng karamihan. Iya'y sa pagitan mo at ng Dios, kung gayon. Kung gayon kakamtin mo ang gantimpala nila. Nguni't kung sa sasabihin mo, "Ito'y sa Dios," Kung gayon kakamtin mo ang gantimpala Niya. (Ngayon, iya'y mas mainam. Salamat.)

163 Ngayon tumingin lang sa akin sandali. Tulad ng sinabi ni Jesus. . .Samantalang pumapasok si Pedro at Juan sa pintuang tinatawag na Maganda, ang sabi, "Tumingin sa akin." Ako—hindi ko kayo kilala. At ngayon kung ang Banal na Espiritu, ang Isang maliban sa akin, ay darating at ihahayag kung ano ang nasa puso mo, kung gayon ang sabi ng Biblia, "Ang Salita ng Dios ay mas matalas kaysa alinmang tabak na may dalawang talim, at madaling Kumilala ng mga pag—iisip, at mga haka ng puso." Iyan mismo ang sinasabi ng Biblia. Ngayon, inihahayag niyan kung gayon ang lihim ng puso. Ngayon, maging katangian iyan ng Dios, ang nahayag na Salita sa araw na ito. Ilan ang naniniwala riyan ngayon? Ngayon nakikita ba ninyo kung ano ito?

164 Ngayon naipangaral ko na ito, sinabi na sa inyo ang tungkol dito, nguni't totoo nga ba ito? Iyan ang isa pang bagay, kita n'yo. Ngayon, kung ito'y totoo, bawa't isa sa inyo. . .Kung ito'y hindi totoo, malalaman niya ito. Tiyak, malalaman niya ito. Malalaman n'yo rin, ito. Nguni't kung ito'y hindi totoo, kung gayon ako'y—mali ang pagsaksi ko kay Cristo. Kung Totoo ito, nararapat ibigay ng bawa't isa sa inyo ang inyong mga puso sa Kaniya, dapat ninyo Siyang sampalatayanan nang buong puso

ninyo, at abutin at tanggapin Siya sa anumang pangangailangan ninyo. Iya'y totoo.

165 Ngayon ipakilala nawa ng Banal na Espiritu ang Kaniyang sarili sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ngayon, wala akong alam kung ano ang dahilan na naririyan kayo. Mukha lang kayong isang kaaya—aya, mukhang—inang babaing nakatayo riyan, at iyan lang ang alam ko tungkol sa iyo. Nguni't magagawang ihayag ng Banal na Espiritu kung ano ang dahilan at naririto ka, kung ano ang suliranin mo, o anuman. Malalaman mo kung ito'y katotohanan o hindi. Ngayon, ika'y, kung ano ito ang nais mong maipapanalangin ay, ay isang parang ang kalamnan sa iyong mukha. Ito'y patungkol sa nerbiyos, parang, sa iyong mukha. Ngayon, kung tama iyan, itaas ang iyong kamay. Sumasampalataya ka ba?

Ngayon, marahil sasabihin mo ngayon, "Hinulaan lamang niya iyan."

166 Ngayon, Siya'y isang mabuting tao. Ngayon, tumingin ka lamang rito sandali, kapatid na babae. Hindi ko alam kung ano ang sinabi Niya sa iyo. Nguni't anuman ito, ito ay totoo. Ikaw, ika'y isang saksi niyan ngayon, hindi ba? [Nagsabi ang kapatid na babae, "Tama iyan."—Pat] Iya'y tama. ["Sa loob ng dalawampung taon."] Naku! Sumasampalataya ka bang pagagalingin ka ng Dios dahil diyan? Ngayon, alam mong Ito'y kaniyang Presensiya, may Isang nakakikilala sa iyo rito, may Isa. Tulad ng sinabi ni Jesus sa babae, alam Niya kung saan ang karamdaman niya, ngayon alam Niya kung nasaan ang karamdaman mo.

167 At para bang may kabigatan ka para sa isa pang tao. Ito'y ang iyong . . . Ito'y isang lalaki, ito'y ang asawa mo. Siya'y naririto, rin. Iya'y tama. At—at sumasampalataya kang maihahayag ng Dios sa akin ang karamdaman ng asawa mo? [Ang sabi ng kapatid na babae, "Opo, naniniwala ako."—Pat.] Siya'y isang lalaking malala ang sakit, may mga komplikasyon siya. Ang isang bagay na gumagambala sa kaniya, ay ang sakit sa puso. May sakit siya sa puso. Kung iya'y tama, itaas ang iyong kamay. ["Tama iyan."] May luslos din siya. ["Tama iyan.] Tama 'yan. Kita n'yo? Tama ba iyan? Opo. Talagang ninenerbiyos, oo, nerbiyos na nerbiyos. Totoo 'yan, hindi ba? ["Opo."]'

168 Kung ihahayag sa akin ni Jesus! Sinabi Niya kay Pedro kung sino siya. Kung ihahayag Niya sa akin kung sino ka, maniniwala ka bang ito'y Siya? [Sinabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Hindi ka tagarito. ["Hindi."] Nanggaling ka sa dakong silangan dito, ika'y mula sa Louisiana. ["Tama."] Tama 'yan. Tama. At ang pangalan mo ay si Gng. Coleman. ["Tama 'yan."] Umuwi ka na, pinagaling ka na ni Jesus Cristo. Ang pananampalataya mo ang gumagawa sa kagalingan mo.

169 Ngayon sumampalataya. Sumasampalataya ka ba nang iyong buong puso? Si Jesus Cristo na ipinakikilala ang Kaniyang sarili sa Kaniyang pagkabuhay na mag—uli! Nauunawaan mo ba kung anong ibig kong sabihin? Ngayon, sinumang may matinong pag—iisip, ay nakaaalam na walang taong makagagawa niyan.

170 Ngayon, ikaw na nasa dako riyan, sabihin mo sa Dios ang ganito, "Ako—ako—alam kong hindi ako kilala ng taong iyan, kaya mananalangin ako para sa isang bagay. Panginoon, maaari ko bang hipuin ang damit Mo? Kung iyon nga, kung gayon ipinakikilala mo ang Iyong sarili sa Iyong pagkabuhay na mag—uli. Bumaling, hayaan akong hipuin Ka, at pagkatapos mangusap Ka sa akin sa pamamagitan niya." Tingnan mo kung anong mangyayari. Subukan lang ito.

171 Kamusta ka, ginoo? Maaari bang lumapit pa nang kaunti sa dakong ito? May mga taong nasa iyong likuran diyan, kita n'yo.

172 Lahat ng bagay ngayon, ito'y ang inyong bawa't—bawa't espiritu, ay tulad lamang sa isang malakas na tibok. Nasasalo mo ito, kita n'yo, nalalaman din ang kanilang kaisipan, at ito'y nagiging, kita n'yo, naging nalito na kayo.

173 Naniniwala ka bang ako ay lingkod Niya? Sumasampalataya ka bang maihahayag ni Cristo sa akin kung ano ang dahilan ng pagparito mo? Alalahanin, tayo'y magkikita—kita sa Dako ng Paghatol isang araw at magsusulit para sa gabing ito. Alam mo ba iyan? Ang iyong karamdaman, isa rito, ay nasa likuran mo. Marami kang karamdaman. May likod kang sumasakit. At humihina na ang iyong paningin, may problema ka sa mata. Kung tama 'yan, itaas ang iyong kamay. Ngayon, may ginagawa ka ring isang bagay na nais mong layuan. Ayos lang bang sabihin ko ito? Nais mong ihinto ang paninigarilyong iyan. At—at isa pa, ika'y nagkaroon. . . nadarama mong iyan ang bagay na humahadlang sa iyo sa pagtanggap ng Banal na Espiritu. Ngayon nais mong matanggap ang Banal na Espiritu, iyan ay hangarin sa iyong puso. Tama 'yan, ikaway mo ang iyong mga kamay nang *ganito*. Buweno, iniwan ka na nito ngayon, humayo, tanggapin ang Banal na Espiritu, at gumaling ka. Pagpalain ka ng Dios, ginoo.

174 Sumasampalataya ka ba? Maging totoong magalang ngayon. Ngayon tayo'y ginagabi na nang husto, manatili lamang nakaupo pansumandali.

175 Kamusta ka? Estranghero tayo sa isa't—isa. [Nagsabi ang kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Kilala tayo kapuwa ng Panginoong Jesus. Ngayon huwag matakot, kita mo, parang ika'y. . . Kita mo, huwag mabahala, Ito'y Kaniyang Presensiya. Kita mo, ganiyan. Ito'y Kaniyang Presensiya. Ngayon may kakaiba kang nararamdaman, kakatuwa, parang kalugod—lugod, parang mapagpakumbabang damdamin. Kita

mo? Ngayon, ang pagtayo sa presensiya ng isang tao ay hindi makapagpapadama nang ganiyan sa iyo.

176 Ilan na ang nakakita ng Liwanag na iyan, ang Haliging Liwanag na iyan, Apoy? Nakuhaan Ito rito mismo sa Texas, sa unang pagkakataon, ikalawang pagkakataon. Ito'y nakalutang malapit sa babae, kita n'yo, sa ganitong dimensiyon ngayon. Hangad ko na sana'y inyong . . . kung makikita lamang ninyo.

177 Kapag nagsimula kayong kumilos, iyan ang gumagawa nito, kita n'yo. Gaganapin natin bukas ng gabi ang hanay ng panalanging ito sa ganap na ika—siyam, kita n'yo, ako—pinagtatagal ko na kayong masyado. Kunin natin ang isang babaing ito, kung gayon. Sandali lang.

178 Sumasampalataya ka ba, 'yong nakaupo roon? Oo, para sa kahinaang iyan na bumabagabag sa iyo, iyan ang problema. Kita n'yo? Ano ang nahipo niya? Hindi ko kilala ang babae. Nahipo n'ya ang Dakilang Saserdote. Nguni't, kita n'yo, nakatalikod ako sa kaniya, tulad ng ginawa nito sa panahon ni Abraham. Dito, tumigin sa dakong ito, kapatid na babae, sandali lang. Mukhang may kabigatan ka sa iyong puso. Meron nga. Ito'y ang anak mong babae roon. May problema siya sa taynga niya. Iya'y tama. Naniniwala ka na ba ngayon nang iyong buong puso? Mabuti, sumampalataya lamang ngayon, at siya'y gagaling.

179 Nauunawaan ba ninyo ang ibig kong sabihin? "Kung masasampalatayanan mo, ang lahat ng bagay ay posible." Naniniwala ka ba?

180 May isang babaing nagbaba ng kaniyang kamay roon sa likuran, nakatingin siya diretso sa akin. Siya'y may karamdamang diabetes. Naniniwala ka bang pagagalingin ng Dios ang diabetes na iyan, yaong nakaupo roon? Sige, mapapasaiyo ang hinihiling mo, kung gayon. Sumampalataya lamang.

181 Ang babae sa dako roon mula sa iyo, ay may problema sa bituka at problema sa pantog. Naniniwala ka ba na pagagalingin iyan ng Dios, magiging mabuti iyan? Sige, makakamtan mo ang hinihiling mo. Ang kamay ng munting babae. Kita n'yo, ngayon tingnan, tanungin lang siya, may Isang bagay na totoong kalugod—lugod ang tumama sa kaniya. Kita n'yo, ang pananampalataya niya, iyan ang gumagawa nito. Hindi ako. Ito'y ang Dios.

182 Heto, narito ang isang lalaking nakaupo rito sa dulong bahagi. May problema siya sa baga, ang may katandaang lalaking nakaupo rito at nakatingin sa akin. Naniniwala ka bang pagagalingin iyan ng Dios, ginoo? Ang isang nakaupong kasunod mo ay dumaranas ng isang impeksyon sa katawan niya. Iya'y tama, kapatid na babae, iwagayway ang panyolito mo kung iya'y tama. Mabuti. Sige, magpatungan kayo ng kamay sa isa't—isa, sumampalataya nang buong puso ninyo. Ama at anak na babae,

bakit nga ba hindi? Ipatong ang inyong mga kamay sa isa't—isa at sumampalataya nang buong puso ninyo, pagagalingin kayo ni Jesus.

Aking—aking hinahamon ang inyong pananampalataya na paniwalaan ito!

183 Ang babaing nakaupo sa likuran niya roon, dumaranas ng sakit sa tiyan. Naniniwala ka bang pagagalingin ka ng Dios, binibini? Iyan ang karamdaman mo. Kung iya'y tama, tumayo ka para makita ng mga tao. Kita n'yo? (Sino ang hinihipo nila riyan?) Sabihin, hindi ako nagkakamali, hayan ang nanay mong nakaupo kasunod mo riyan. May impeksyon siya sa kaniyang mga bituka. Naniniwala ka bang pagagalingin iyan ng Dios, ginang? Tumayo ka, rin, at gumaling.

184 Sumampalataya! Siya'y ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ipinakikilala Niya ang Kaniyang sarili. Naniniwala ka bang ako ay Kaniyang propeta, o lingkod? Nakapagpapatisod iyan sa mga tao, sabihing "propeta," hindi nila nauunawaan.

185 Tumingin dito. Naniniwala ka ba nang buong puso mo? Ika'y dumaranas ng labis na nerbiyos. Naniniwala ka bang masasabi ko sa iyo ang naging sanhi nito? Nagkaroon ka ng aksidente sa kotse. [Ang sabi ng kapatid na babae, "Iya'y tama."—Pat.] Iya'y tama. Iya'y tama, banggaan ng kotse, at ito'y nagpakirot ng iyong likod at tumuloy sa balikat mo. Tama ba iyan? Lilisanin ka na nito ngayon. Panahon lamang ng buhay na gumambala rin dito, binabagabag ito, nguni't ika'y magiging maayos. Humayo, sumampalataya nang buong puso mo. Pagagalingin ka ni Jesus Cristo, kung ika'y sasampalataya. Amen.

186 Sumasampalataya ka ba? sumasampalataya ka bang mapagagaling Niya ang arthritis? Buweno, magpatuloy lang lumakad kung gayon, pagagalingin ka Niya.

187 Ilan ang naniniwala nang buong puso ninyo, sabihin, "Ako ay totoong sumasampalataya nang buo kong puso"? "Kung magagawa mong sampalatayanan!"

188 Naniniwala ka bang pinagagaling Niya ang diabetes at pinabubuti ang kalagayan ng mga tao, na may sugar diabetes, at pinagagaling sila? Pinaniniwalaan mo ba ito? Magpatuloy lang sa paglakad, sabihin, "Panginoon, nagpapasalamat ako sa Iyo dahil dito." Sumampalataya nang buong puso mo, at gagaling ka.

189 Ilan ang sumasampalataya sa dako riyan ngayon, nang buong puso ninyo? Huwag, kita n'yo, kayo'y palibot—libot, nagagambala n'yo Ito, mga kaibigan. Sasabihin ko sa inyo, ilan ba ang sumasampalataya? Itaas lang ang inyong kamay, sabihin, "Sumasampalataya ako nang buong puso ko."

190 Ngayon hihilingin ko sa inyong gawin ang isang bagay. Ngayon, kung tinupad ni Jesus ang Kaniyang Salita, at sinasampalatayanan iyan, at pinatunayan ito sa inyo, sinabi rin ito ni Jesus, ang Kaniyang huling tagubilin sa Kaniyang Iglesya, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na sumasampalataya." Ngayon ilan ang naniniwala? Ang sabi Niya, "Kapag ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa maysakit, sila'y magsisigaling." Pinaniniwalaan ba ninyo ang pangakong iyan? Kung gayon ipatong ang inyong kamay sa taong kasunod ninyo.

191 Kapag hindi ka Niya pinagaling, ika'y mamamatay. Ika'y naliliman. Nguni't pinagaling ka ni Jesus Cristo. Pinaniniwalaan ba ninyo ito? Mabuti, ipatong ang inyong . . . magpatuloy at sumampalataya ngayon, at kayo'y gagaling.

192 Halika binibini. Naniniwala ka bang pagagalingin ng Dios ang TB na iyan at diabetes, pagagalingin ka? Tanggapin . . . Sige, humayo, sumampalataya nang buong puso mo, at magpagaling.

193 Dumalangin, nagdadalanginan ba kayo sa isa't—isa? Ipatong ang inyong mga kamay sa isa't—isa, manalangin lamang tayo, sama—sama. Ipatong ninyong lahat ang inyong mga kamay sa isa't—isa. Lumalalim na ang gabi. Ipatong ang inyong mga kamay sa isa't—isa, at manalangin tayo.

194 Panginoong Jesus, nakatitiyak kami na ipinakikilala ng Dios ang Kaniyang sarili sa Kaniyang bayan. Ang mga katangian Niya, bilang ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, ay ipinahahayag ang kanilang mga sarili. O Panginoong Dios, Ikaw na Siyang gumawa ng pangako ng Salita. Sinabi Mo, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanilang sumasampalataya. Kapag ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling." Ipinahayag ng mga taong ito na mga mananampalataya sila, ang mga mananampalataya sa nabuhay na mag—uling si Jesus Na ipinakikilala ang Kaniyang sarili ngayon sa pamamagitan ng gayunding katangian Niya noon samantalang narito pa Siya sa lupa, na ginagawang positibong Katotohanan ang mga Kasulatan, na Siya'y ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Panginoong Jesus, sa pamamagitan ng mga mananampalatayang ito na nakapatong ang mga kamay sa isa't isa, sa Banal na Presensiya ng nabuhay na mag—uli, kinilalang Anak ng Dios Na nagkatawang—tao muli sa aming kalagitnaan sa gabing ito sa laman ng Kaniyang mga mananampalataya, inuutusan ko ang bawa't maruruming espiritu, bawa't sakit at karamdaman, na lumayas sa mga taong ito, habang nakapatong ang mga kamay ng mga mananampalatayang ito sa isa't – isa. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, mangyari nawa ito.

195 Lahat ng maniniwala sa inyong kagalingan ngayon, na pinaniniwalaan iyan ngayon din, sa ipinakilalang Presensiya

ng nabuhay na mag—uling Anak ng Dios, na pinaniniwalaan ninyong ipinagkaloob ang inyong kahilingan, at kikilalanin ang gayunding bagay, magsitayo sa inyong mga paa at sabihing, “Tinatanggap ko ito nang buong puso.” Magsitayo, lahat, sa Presensiya ni Jesus Cristo, na sasampalataya. Purihin Siya! Bigyan Siya ng kapurihan at luwalhati. Itaas lamang ang inyong mga kamay at pasalamatan Siya. Patutunayan ng Dios ang bawa’t pangakong Kaniyang ginawa.

*ANG DIOS AY NAKIKILALA SA PAMAMAGITAN NG KANIYANG MGA KATANGIAN* TAG64-0311
(God Is Identified By His Characteristics)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Miyerkules ng gabi, Marso 11, 1964, sa Municipal Auditorium sa Beaumont, Texas, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings. Muling inilathala noong 2010.

TAGALOG

©2007 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org